

**Research skills, communicative competence, and critical thinking
in campus journalism among campus journalists**

John Paul E. Isada*

Filamer Christian University, Inc., Roxas City, Capiz, Philippines

ABSTRACT

The purpose of this study was to determine the research skills, communicative competence, and critical thinking in journalism of campus journalists in the Province of Capiz during School Year 2025–2026. The study employed a mixed method sequential explanatory design consisting of a quantitative correlational survey and a qualitative Focus Group Discussion (FGD). A total of 347 campus journalists participated in the survey from a population of 2,570, selected through stratified random sampling based on the proportion of public and private schools. Meanwhile, ten (10) campus journalists from various public schools participated in the Focus Group Discussion (FGD). The independent variables were research skills and communicative competence in journalism, while the dependent variable was critical thinking in journalism. For data analysis, frequency count, mean, percentage, standard deviation, Pearson r, and One-Way ANOVA were employed at the 0.05 level of significance. The findings revealed that the campus journalists' research skills in journalism were "very high," while their communicative competence in journalism was likewise rated "very high." The results also showed that the campus journalists demonstrated a "very high" level of critical thinking in journalism. Based on the ANOVA results, there was "no significant difference" in the levels of research skills and critical thinking, while there was also "no significant difference" in the levels of critical thinking and communicative competence. Pearson r analysis further revealed "no significant relationship" between research skills and communicative competence, "no significant relationship" between research skills and critical thinking in journalism, and likewise "no significant relationship" between communicative competence and critical thinking in journalism.

Keywords: Research skills, communicative competence, critical thinking.

Date Submitted: July 16, 2026

Date Accepted: July 23, 2026

Date Published: August 17, 2026

*Corresponding author / Email: isadajohnpaul21@gmail.com

DOI: <http://doi.org/10.69651/PIJHSS05031470>

Recommended citation:

Isada, J. P. E. (2026). Research skills, communicative competence, and critical thinking in campus journalism among campus journalists. *Pantao (International Journal of the Humanities and Social Sciences)* 5 (3), 3418-3444. <http://doi.org/10.69651/PIJHSS05031470>

Kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, at kritikal na pag-iisip sa pamamahayag ng mga mamamahayag pangkampus

John Paul E. Isada

Filamer Christian University, Inc., Roxas City, Capi, Philippines

ABSTRAK

Ang layon ng pananaliksik na ito ay tukuyin ang mga pangunahing kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo at kritikal na pag-iisip sa pamamahayag ng mga mamamahayag pangkampus sa lalawigan ng Capi sa Taong-Panuruan 2025–2026. Ginamit ang pinagsamang pamamaraan o mixed method sequential explanatory na binubuo ng kwantitatibong survey correlational at kwalitatibong Focus Group Discussion (FGD). May kabuuang 347 na mamamahayag pangkampus ang lumahok sa sarbey mula sa dalawang libo at limandaang pitumpong (2570) na populasyon na pinili gamit ang stratified random sampling batay sa proporsyon ng mga pampubliko at pribadong paaralan. Samantala, sampu (10) na campus journalist mula sa iba’t ibang pampublikong paaralan ang naging kalahok sa Focused Group Discussion (FGD). Ang malayang baryabol ay kasanayan sa pananaliksik at kakayahang pangkomunikatibo sa pamamahayag, samantala ang di malayang baryabol ay ang kritikal na pag-iisip sa pamamahayag. Para sa analisis ng datos, ginamit ang frequency count, mean, percentage, standard deviation, Pearson r, at One-Way ANOVA na may 0.05 na antas ng kabuluhan. Lumabas sa pag-aaral na ang kasanayan sa pananaliksik sa pamamahayag ng mga mamamahayag pangkampus ay “napakataas”, samantala ang resulta sa kakayahang pangkomunikatibo sa pamamahayag ay “napakataas”. Batay sa resulta, “napakataas” ang kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus sa pamamahayag. Ayon sa pagsusuri gamit ang ANOVA, lumabas na “walang makabuluhang pagkakaiba” sa antas ng kasanayan sa pananaliksik at kritikal na pag-iisip, samantalang “walang makabuluhang pagkakaiba” sa antas ng kritikal na pag-iisip at kakayahang pangkomunikatibo. Natukoy rin gamit ang Pearson r na “walang makabuluhang kaugnayan” sa kasanayan sa pananaliksik at kakayahang pangkomunikatibo, “walang makabuluhang ugnayan” rin sa pagitan ng kasanayan sa pananaliksik at kritikal na pag-iisip sa pamamahayag, at gayundin “walang makabuluhang ugnayan” sa pagitan ng kakayahang pangkomunikatibo at kritikal na pag-iisip sa pamamahayag.

Susing salita: Kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, kritikal na pag-iisip.

PANIMULA

Sa kasalukuyang panahon, ang pamamahayag ay hindi na lamang nakatuon sa paghahatid ng balita kundi maging sa pag unawa sa damdamin, karanasan, at kalagayan ng tao. Sa bawat ulo ng balita at ulat ay nakapaloob ang mga kuwento ng pag asa, pakikibaka, at katotohanang kailangang maipabatid sa publiko. Higit na nagiging masalimuot ang tungkuling ito dahil sa mabilis na daloy ng impormasyon at paglaganap ng pekeng balita sa social media. Sa kabila ng mga hamong ito, inaasahang mananatiling tapat, makatao, mapanuri, at responsable ang mga mamamahayag sa kanilang pagsusulat. Hindi madali ang maging tinig ng katotohanan sa isang kapaligirang puno ng magkakaibang opinyon at impormasyon, subalit nananatiling mahalaga ang pamamahayag bilang sandigan ng demokrasya at kamalayang panlipunan. Ang pamamahayag ay isang proseso ng pangongolekta ng mahahalaga at tunay na pangyayari at pagbabahagi ng mga ito sa paraang pasulat, gaya ng pahayagan at magazines, o

pasalita, gaya ng radyo at telebisyon, upang maipabatid sa mga mambabasa at manonood ang mga napapanahong kaganapan. Itinuturing din itong isa sa pinakamatandang propesyon na naghahatid ng mahahalagang mensahe sa iba't ibang panig ng mundo at nagsisilbing paraan upang maipaalam sa publiko ang tungkol sa karapatang pantao, mga oportunidad sa trabaho, at kalagayan ng pamahalaan sa isang partikular na lugar o bansa (Argota, 2020).

Sa ganitong konteksto, mahalaga ang papel ng mga mamamahayag pangkampus sapagkat sa kanilang hanay pa lamang ay nahuhubog na ang diwa ng responsable at makataong pamamahayag. Sila ang mga kabataang natututong makinig sa mga kuwento at karanasan ng kanilang kapwa mag aaral at guro at nagiging daluyan ng mga isyung maaaring hindi gaanong nabibigyang pansin sa loob ng paaralan. Hindi lamang kakayahan sa pagsulat ang kanilang kailangan kundi maging ang tapang na magsabi ng katotohanan, paggalang sa katotohanan at kapwa, at kahandaang panindigan ang etika at integridad sa kabila ng takot at pangamba. Sa pamamagitan ng pahayagang pangkampus, nagkakaroon sila ng pagkakataong maging mapanuring tagapagbalita at maipahayag ang tinig ng kabataan hinggil sa mga usaping nangangailangan ng pagbabago. Dahil dito, ang mga mamamahayag pangkampus ay maituturing na boses ng konsensya sa loob ng institusyong pang edukasyon at mahalagang bahagi ng mas malawak na pagsusulong ng katotohanan sa lipunan.

Ang kahalagahan ng pamamahayag pangkampus ay pinagtibay sa Pilipinas sa pamamagitan ng Republic Act 7079 o Campus Journalism Act of 1991, isang batas na nagbibigay para sa pagpapaunlad at pagtataguyod ng campus journalism at iba pang kaugnay na layunin. Sinusuportahan at binibigyang halaga ng Department of Education ang pamamahayag pangkampus bilang paraan ng pagpapalaganap ng walang kinikilingan, patas, at balidong impormasyon at ng paghubog sa kakayahan ng mga kabataang mamamahayag. Layunin nitong palawakin ang pagbibigay ng katotohanan at pagtipon ng kaalaman hindi lamang sa loob ng kampus kundi maging sa komunidad ([https://www.scribd.com/document/627698074/Yunit 1 Kaalaman Sa RA 7079](https://www.scribd.com/document/627698074/Yunit-1-Kaalaman-Sa-RA-7079), 2023). Kaugnay nito, binigyang diin ni Cortes (2023) na ang Republic Act 7079 ay naglalayong paunlarin at itaguyod ang campus journalism upang mapagtibay ang komunidad sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng katotohanan at pakikibahagi sa mahahalagang usaping panlipunan.

Mahalaga rin ang pamamahayag pangkampus sa pagsasakatuparan ng kalayaan sa pagpapahayag, na isa sa mahahalagang karapatang kinikilala ng Konstitusyon at nagsisilbing mekanismo ng check and balance. Sa pamamagitan nito, nabibigyan ang mga mag aaral ng boses upang maipahayag ang kanilang saloobin at opinyon tungkol sa mga usaping may kaugnayan sa kanilang buhay at kapaligiran. Ang Republic Act 7079, na pinagtibay noong Hulyo 5, 1991, ay sumusuporta sa pagpapaunlad ng mga batang mamamahayag, pagkilala sa mga karapatan ng kabataan, at pangangalaga sa integridad ng mga publikasyong pangmag aaral. Nilalayan din nitong palakasin ang mga pagpapahalagang etikal, hikayatin ang kritikal at malikhaing pag iisip, at paunlarin ang moral na karakter at personal na disiplina ng kabataang Pilipino (Carbonel, 2023). Kaayon nito, binigyang diin ni Miranda (2023) na malaki ang ginagampanang papel ng campus journalism sa pagtataguyod ng kalayaan sa pamamahayag, pagpapaunlad ng kritikal na pag iisip, at paglinang ng mga kasanayan sa komunikasyon ng mga mag aaral.

Makikita rin ang potensiyal ng pamamahayag pangkampus bilang paghahanda sa mga kabataan para sa propesyonal na larangan ng midya. Ayon kay dating Kalihim ng DepEd Leonor Briones, bagaman hindi ganap na nasusubaybayan ang mga kabataang nagpapatuloy bilang mga propesyonal na mamamahayag, may malaking posibilidad na maging daan ang National Schools Press Conference upang matuklasan ng malalaking institusyong pangmidya

ang mga batang manunulat na may idealismo at kakayahan. Maaari rin itong humikayat sa mga institusyong pangmidya na magbigay ng oportunidad at scholarship at sa mga kabataan na ipagpatuloy ang larangan ng pamamahayag (Cortes, 2023; [https://www.scribd.com/document/627698074/Yunit 1 Kaalaman Sa RA 7079](https://www.scribd.com/document/627698074/Yunit-1-Kaalaman-Sa-RA-7079)). Batay naman sa DepEd, ang patuloy na paglaganap ng campus journalism ay isang mahalagang hakbang tungo sa mas maunlad na komunidad sapagkat maaari itong makatulong sa pagpapabuti ng lipunan, pagbubukas ng mga oportunidad sa trabaho, at pagpapalawak ng pagtanggap sa lipunan ([https://www.scribd.com/document/627698074/Yunit 1 Kaalaman Sa RA 7079](https://www.scribd.com/document/627698074/Yunit-1-Kaalaman-Sa-RA-7079), 2023).

Lalong nagiging mahalaga ang ganitong papel ng mga mamamahayag pangkampus dahil sa suliranin ng maling impormasyon. Sa sarbey na iniulat ng *The Social Fact: News and Knowledge in a Networked World*, 41 porsyento ang ibinaba ng fake news sa bansa mula nang lumaganap ang pamamahayag pangkampus at magkaroon ng wastong pagpapahayag ng katotohanan sa bawat mamamahayag, samantalang 86 porsyento ng mga Pilipino ang nagsasabing tama ang balitang kanilang nababasa. Ipinakikita nito ang patuloy na pangangailangan para sa malawak at responsableng pagpapahayag ng impormasyon upang maisulong ang pagbabago sa komunidad ([https://www.scribd.com/document/627698074/Yunit 1 Kaalaman Sa RA 7079](https://www.scribd.com/document/627698074/Yunit-1-Kaalaman-Sa-RA-7079), 2023). Sa ganitong pananaw, ang pagbibigay ng kapangyarihan sa mga komunidad ay maaaring magsimula sa mga kabataang mamamahayag sapagkat sa pamamagitan nila ay hindi lamang katotohanan ang maaaring maipalaganap kundi maging ang mga pagbabagong matagal nang kinakailangan ng lipunan at komunidad ([https://www.scribd.com/document/627698074/Yunit 1 Kaalaman Sa RA 7079](https://www.scribd.com/document/627698074/Yunit-1-Kaalaman-Sa-RA-7079), 2023).

Sa ika 21 siglo, isa sa pinakamahalagang kakayahang kinakailangan ng mga mamamahayag pangkampus ang kritikal na pag iisip. Habang nakikibahagi sila sa masalimuot na mundo ng midya at pagpapalaganap ng impormasyon, kinakailangan nilang matutong magsuri, magtaya, at magsintesis ng datos at impormasyon nang mapanuri (Lumando et al., 2025). Sa pamamahayag, hindi sapat ang simpleng pag uulat ng mga katotohanan sapagkat kailangan ding beripikahin ang mga pinagmulan, kilalanin at suriin ang mga posibleng pagkiling, at bumuo ng mga makatwirang argumento. Nagiging higit na mahalaga ito sa pamamahayag gamit ang wikang Filipino sapagkat ang kakayahan sa wika at pananaliksik ay kapwa may mahalagang papel sa paghubog ng kakayahang magsuri ng mga mamamahayag pangkampus (Lumando et al., 2025).

Pinatutunayan ng mga internasyonal at pambansang pagtatasa ang pangangailangang higit pang paunlarin ang kritikal na pag iisip ng mga mag aaral. Ayon sa Programme for International Student Assessment ng Organization for Economic Co-operation and Development, maraming mag aaral ang nahihirapang gamitin ang kritikal na pag iisip sa mga tunay na sitwasyon sa buhay. Sa PISA noong 2022, 13 porsyento lamang ng mga 15 taong gulang na mag aaral mula sa mga bansang lumahok ang naiulat na may kakayahang epektibong lutasin ang mga masalimuot na suliranin (Lumando et al., 2025). Sa Pilipinas, higit na kapansin pansin ang suliraning ito sapagkat 19.7 porsyento lamang ng mga Pilipinong mag aaral ang umabot sa pinakamababang antas ng kasanayan sa pagbasa, na isang pundamental na kasanayan sa pamamahayag. Ipinakita rin ng National Achievement Test noong 2017 hanggang 2018 ang mababang resulta sa pag unawa sa binasa at kritikal na pagsusuri, na nagpapahiwatig ng mga kakulangan sa kakayahan ng mga mag aaral na makisangkot sa masalimuot na teksto (Lumando et al., 2025).

Sa pagpapaunlad ng kritikal na pag iisip, mahalagang tingnan ang kasanayan sa pananaliksik bilang pangunahing pundasyon ng mapanuri at ebidensiyang nakabatay na pamamahayag. Ang mga mamamahayag pangkampus ay kinakailangang magkaroon ng sapat na kakayahan sa pagsasagawa ng pananaliksik, maingat na pagtatasa sa kredibilidad ng mga sanggunian, at lohikal na pagbubuo ng kanilang mga ulat. Ipinakikita ng mga pag aaral na ang

mga mag aaral na may mataas na kasanayan sa pananaliksik ay may higit na mahusay na kritikal na pag iisip sapagkat nagagawa nilang tukuyin ang mga padron, magtatag ng mga ugnayan, at humango ng mga kongklusyon batay sa ebidensya (Alsaleh, 2020; Mataniari et al., 2020). Samakatuwid, hindi lamang teknikal na gawain ang pananaliksik kundi isang prosesong humuhubog sa paraan ng pagsusuri, pagbibigay kahulugan, at pagpapatunay ng impormasyon.

Mahalaga rin ang kasanayan sa pananaliksik bilang bahagi ng kurikulum sa Filipino ng Kagawaran ng Edukasyon at bilang disiplinang naghahanda sa mga mag aaral para sa tersyaryang edukasyon at propesyonal na larangan. Kaakibat nito ang mga kasanayan sa pagsasaayos ng pagkakasunod sunod ng mga pangyayari, paghahanap ng kahulugan ng mga salita sa diksyunaryo, pagguhit o pagdidisenyo ng mga grapikong paglalarawan, masusing pagbabasa upang matukoy ang pangunahing kaisipan, pakikipanayam, at pagpapaliwanag ng mga ideya gamit ang nabalangkas na konsepto (Raposas, 2024). Sa harap ng mga suliraning tulad ng maling impormasyon at hindi komprehensibong pagdedetalye ng mga balita sa mass media, higit na kinakailangan ang wastong pag unawa sa pagsulat ng makabuluhang pananaliksik bilang panimulang kasanayan tungo sa matapang at makatotohanang paghahatid ng impormasyon (Raposas, 2024).

Batay kina Bernales et al. (2012), na binanggit ni Raposas (2024), mahalaga ang pananaliksik hindi lamang para sa mga mag aaral kundi maging sa iba't ibang sektor ng lipunan sapagkat ginagamit ito sa paghahanap ng solusyon sa mga suliranin, pagtuklas ng bagong kaalaman, konsepto, at impormasyon, at pag unawa sa likas na katangian ng mga bagay. Sa pamamagitan nito, napalalawak ang kaalaman ng mga mag aaral at nagiging instrumento ang pananaliksik para sa personal at panlipunang pag unlad. Kaugnay nito, batay kay Maranan et al. (2016), na binanggit ni Raposas (2024), kabilang sa mga benepisyo ng pananaliksik ang pagpapalawak ng kaalaman tungkol sa kapaligiran, pagbibigay ng mga bagong karanasan, pagpapalawak ng kaisipan, paghubog sa iba't ibang kasanayan, at pagpapahusay sa kakayahang lumutas ng mga suliranin. Inilahad naman ni Anatacio (2016), na binanggit ni Raposas (2024), na layunin ng pananaliksik na tumuklas ng bagong kaalaman, patunayan ang umiiral na teorya, magbigay ng bagong interpretasyon, linawin ang pinagtatalunang isyu, at patunayan ang bisa at katotohanan ng isang ideya. Dahil dito, ang paglinang ng kasanayan sa pananaliksik mula hayskul hanggang kolehiyo ay maaaring magsilbing pundasyon ng mas malalim na pag unawa at propesyonal na kahusayan.

Hindi rin maihihiwalay sa pananaliksik at kritikal na pag iisip ang kakayahang pangkomunikatibo. Ang kahusayan sa wika, kalinawan ng pagpapahayag, at pagkakaugnay ugnay ng mga ideya ay may mahalagang papel sa paraan ng kritikal na pag iisip ng mga mag aaral (Agustina & Setiawan, 2020; Widana et al., 2018). Kung walang matibay na pundasyon sa mga kasanayang ito, maaaring mahirapan ang mga mamamahayag pangkampus na ipahayag ang kanilang pananaw nang may sapat at matibay na batayan, na maaaring humantong sa mababaw na pag uulat at maling impormasyon. Ang mahusay na pamamahayag kung gayon ay nakasalalay hindi lamang sa kakayahang makahanap at magsuri ng impormasyon kundi maging sa kakayahang maipahayag ito nang malinaw, lohikal, angkop, at nauunawaan ng target na mambabasa.

Kaayon nito, binigyang diin ni Mencher (2010), na binanggit ni Dugas (2025), na ang sulating pamamahayag ay kailangang makatawag pansin at madaling maunawaan upang maging epektibo ang paghahatid ng impormasyon sa publiko. Sa pamamagitan nito, nagiging higit na makabuluhan ang komunikasyon sa lipunan, na isang pangunahing layunin ng mga manunulat sa larangan ng pamamahayag. Ang pagsulat mismo ay isang mahalagang anyo ng pagpapahayag ng damdamin at kaisipan sa pamamagitan ng mga letra at simbolo at sumasaklaw sa iba't ibang uri ng sulatin, kabilang ang artikulo at pananaliksik. Dahil dito, isa

itong kasanayang kailangang malinang mula sa murang edad hanggang sa propesyonal na yugto. Gayunpaman, hindi madali ang paglinang nito, lalo na sa pagsulat ng pananaliksik sa wikang Filipino, sapagkat may iba't ibang aspektong kailangang pagtuunan upang makamit ang kinakailangang kahusayan (Mabini, 2024).

Bilang mahalagang kasanayan sa wika, ang pagsulat ay nagsisilbing lundayan ng mga iniisip, nilalayon, nadarama, at pinapangarap ng isang indibidwal. Ang mahusay na pagpapahayag ng sariling pananaw tungkol sa iba't ibang paksa ay nakatutulong sa pagpapatibay ng tiwala sa sarili at kakayahan sa pakikipagtalastasan. Bukod sa pakikinig, pagbabasa, pagsasalita, at panonood, ang pagsulat ay isa ring mabisang paraan ng pagkatuto ng mga mag aaral sa kanilang pang araw araw na gawain sa paaralan (Hikmah et al., 2019). Itinuturing din itong isang kognitibong proseso kung saan naisasalin sa papel o iba pang kasangkapan ang nilalaman ng isip. Nagiging paraan ito ng pagpapahayag ng saloobin, pakikipagkomunikasyon, pagkatuto, at pagtataya sa pagsulong ng mag aaral sa wika. Saklaw ng pagsulat ang kasanayang pampag iisip, tulad ng analisis, organisasyon ng ideya, at imahinasyon, gayundin ang kasanayan sa pagbuo ng talata, kabilang ang palugit at indensyon, pagbabaybay, pagbabantas, at wastong paggamit ng malalaki at maliliit na titik (Cabigao, 2021).

Sa mas malawak na pananaw, ang pagsulat ay maaaring akademik, teknikal, journalistic, propesyonal, o malikhain. Ang pagsulat ng pananaliksik ay kabilang sa akademik na uri at nagsisimulang malinang maging sa mababang baitang sa pamamagitan ng mga payak na gawain tulad ng paghahanap ng kahulugan ng mga salita sa diksyunaryo. Habang tumataas ang antas ng edukasyon, higit na nagiging masalimuot ang mga gawaing pananaliksik at kinakailangang patuloy na linangin ang mga kaugnay na kasanayan upang magkaroon ang mga mag aaral ng mas malalim na pag unawa sa proseso ng pananaliksik (Romero, 2016, binanggit ni Mabini, 2024). Ang ganitong pagpapaunlad sa literasi at komunikasyon ay sinusuportahan ng Atas Republika Bilang 10533 o Enhanced Basic Education Act of 2013, na nagpatibay sa K to 12 Kurikulum mula kindergarten hanggang Senior High School. Binibigyang diin ng batas ang paglinang ng isang buo at ganap na Filipinong may kapaki pakinabang na literasi, habang ang karagdagang dalawang taon sa Senior High School ay naglalayong ihanda ang mga kabataan sa pagtatrabaho, pagnenegosyo, at pagpapatuloy sa kolehiyo o pamantasan para sa mataas na edukasyon (Zafra, 2016, binanggit ni Mabini, 2024).

Ang ugnayan ng pananaliksik, komunikasyon, at kritikal na pag iisip ay higit na nauunawaan sa pamamagitan ng mga teoryang nagbibigay saligan sa pag aaral. Una, nakaangkla ang pananaliksik sa Konstruktibismo ni Jean Piaget, na tumitingin sa mga mag aaral bilang aktibong tagabuo ng kanilang sariling kaalaman. Sa pananaw na ito, nakikipag ugnayan ang mga mag aaral sa isa't isa at nagbabahagi ng kanilang mga nauunawaan, nararamdaman, at karanasan upang makabuo ng bagong kaalaman. Ang guro ay nagsisilbing facilitator o tagapagdaloy na naghihikeyat sa pagpapalitan ng kuro kuro at karanasan at tumutulong sa pagbuo ng bagong kahulugan batay sa pangangailangan ng mga mag aaral. Ang kanilang pakikilahok sa silid aralan at paaralan ay naaapektuhan din ng mga institusyong kinabibilangan nila, kabilang ang tahanan at komunidad. Sa ganitong proseso, kinakailangan ang kritikal na pag iisip upang makabuo sila ng sariling pagpapakahulugan.

Kaayon nito, ayon kina Brader Araje at Jones (2020), ang konstruktibismo ay nakatuon sa pagbuo ng kaalaman batay sa pag unawa at nangangailangan ng aktibong pakikilahok sa pagbuo ng kahulugan. Ang mag aaral ang aktibong tagabuo ng impormasyon at bagong ideya, samantalang ang bagong kahulugan ay nabubuo sa ugnayan ng dating kaalaman at bagong kaalaman. Ang pananaw na ito ay mahalaga sa pamamahayag pangkampus sapagkat ang mamamahayag ay hindi lamang tumatanggap ng impormasyon. Kinakailangan niyang suriin ang bagong datos kaugnay ng dating kaalaman, karanasan, at konteksto upang makabuo ng makatwiran at makabuluhang interpretasyon. Sa gayon, nagiging magkakaugnay ang

pananaliksik at kritikal na pag iisip bilang mga prosesong nangangailangan ng aktibong pagbuo, pagsusuri, at pagbibigay kahulugan sa kaalaman.

Ikalawa, nakabatay ang pag aaral sa Teorya ng Kakayahang Pangkomunikatibo ni Dell Hymes sapagkat mahalagang suriin ang kahusayan ng mga indibidwal sa paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon. Ipinakilala ni Hymes noong 1972 ang konsepto ng kakayahang pangkomunikatibo bilang tugon sa pananaw na hindi sapat ang kaalaman sa gramatika upang matiyak ang epektibong komunikasyon. Sa halip, kinakailangan ding malaman kung paano gagamitin ang wika nang malinaw, epektibo, at angkop sa iba't ibang sitwasyong panlipunan. Sa ganitong pananaw, ang tunay na kahusayan sa komunikasyon ay hindi lamang nasusukat sa wastong paggamit ng mga salita kundi maging sa kakayahang maihatid ang mensahe sa paraang nauunawaan ng tagapakinig at tumutugon sa hinihingi ng sitwasyon.

Pinalawak ng teorya ni Hymes ang pananaw tungkol sa pagkatuto at paggamit ng wika sa pamamagitan ng pagkilala sa komunikasyon bilang isang dinamiko at sosyal na proseso. Mahalaga rito ang pagsasaalang alang sa konteksto, tagapakinig, at layunin ng pahayag. Samakatuwid, ang kakayahang makibagay at makipag ugnayan sa iba ay mahalaga sa matagumpay na pakikipagtalastasan. Sa larangan ng pamamahayag pangkampus, nangangahulugan itong kailangang maisaalang alang ng mga kabataang mamamahayag hindi lamang ang kawastuhan ng kanilang wika kundi maging ang kaangkupan, kalinawan, kredibilidad, at epekto ng kanilang mensahe sa kanilang mga mambabasa. Sa ganitong paraan, ang wika ay nagiging higit pa sa kasangkapan ng pagpapahayag sapagkat nagsisilbi rin itong tulay sa pag unawa at pakikipag ugnayan sa lipunan.

Ikatlo, nagbibigay ng mahalagang saligan ang mga pananaw sa kritikal na pag iisip nina John Dewey at Paulo Freire, na kapwa nakatuon sa aktibong partisipasyon ng mga mag aaral sa proseso ng pagkatuto. Para kay Dewey, ang pakikilahok sa pamamahayag ay isang mahalaga at epektibong paraan upang malinang ang kaisipan ng mga mag aaral. Sa pamamagitan ng aktibong interaksyon sa guro at kapwa mag aaral, natututo sila hindi lamang sa pakikinig at pagsusulat kundi maging sa malalim na pag iisip, pagsusuri ng mga konsepto, at paglalapat ng mga ito sa tunay na buhay. Sa ganitong pananaw, ang edukasyon ay hindi dapat manatili sa loob ng silid aralan kundi dapat maghanda sa mag aaral para sa aktibong pakikilahok sa lipunan bilang isang mapanuring mamamayan.

Para naman kay Paulo Freire, ang partisipasyon sa pamamahayag ay higit sa simpleng pagtanggap ng impormasyon sapagkat isa itong dinamiko at interaktibong prosesong maaaring magbunsod ng motibasyon at humikayat sa mga mag aaral na gamitin ang kanilang kakayahang mag isip nang kritikal. Tinutulan ni Freire ang konsepto ng edukasyon bilang banking system kung saan ang guro lamang ang tagapagbigay ng kaalaman. Sa halip, itinaguyod niya ang dialogical process bilang palitan ng ideya at karanasan sa pagitan ng guro at mag aaral. Sa pamamagitan nito, natututo ang mga mag aaral na suriin ang kanilang mga pananaw at maging responsable sa kanilang pag iisip at pagkilos. Ang ganitong pananaw ay mahalaga sa pamamahayag pangkampus sapagkat ang paglikha ng balita at iba pang sulating pampahayagan ay nangangailangan ng pakikipag ugnayan, pagsusuri sa iba't ibang pananaw, pagberipika sa impormasyon, at responsableng pagbibigay kahulugan sa mga usaping panlipunan.

Sa kabuuan, nagtatagpo ang Konstruktibismo ni Jean Piaget, Teorya ng Kakayahang Pangkomunikatibo ni Dell Hymes, at mga pananaw sa kritikal na pag iisip nina John Dewey at Paulo Freire sa pagbibigay diin sa aktibong pagbuo ng kaalaman, makabuluhang paggamit ng wika, pakikipag ugnayan, at mapanuring pagsusuri. Sa konteksto ng pamamahayag pangkampus, ipinahihiwatig ng mga teoryang ito na ang mahusay na mamamahayag ay hindi lamang kailangang marunong magsulat. Kinakailangan din niyang magsaliksik, magberipika,

magsuri, magbigay kahulugan, makipag ugnayan, at magpahayag nang malinaw at naaayon sa konteksto. Samakatuwid, ang kasanayan sa pananaliksik at kakayahang pangkomunikatibo ay maaaring magsilbing mahalagang salik sa paghubog ng kritikal na pag iisip na kinakailangan sa responsable, makabuluhan, at makatotohanang pamamahayag.

Sa kabila ng malawak na literatura hinggil sa kritikal na pag iisip, pananaliksik, komunikasyon, pagsulat, at pamamahayag pangkampus, nananatiling may kakulangan sa pag unawa kung paano magkasamang nauugnay ang kasanayan sa pananaliksik at kakayahang pangkomunikatibo sa kritikal na pag iisip ng mga mamamahayag pangkampus, partikular sa pamamahayag gamit ang wikang Filipino. Bagaman may mga pag aaral na tumalakay sa mga aspektong ito nang magkakahiwalay, kakaunti pa lamang ang nagsuri sa kanilang ugnayan sa partikular na konteksto ng pamamahayag pangkampus. Mahalaga ang puwang na ito sapagkat ipinakikita ng umiiral na literatura na ang mahusay na pananaliksik ay nagbibigay ng batayan para sa mapanuring pagsusuri ng ebidensya, samantalang ang kakayahang pangkomunikatibo ay nagbibigay daan upang maipahayag nang malinaw, lohikal, at angkop ang bunga ng naturang pagsusuri. Kung hindi sabay na malilining ang mga ito, maaaring malimitahan ang kakayahan ng mga mamamahayag pangkampus na makabuo ng mapanuri at mapagkakatiwalaang pamamahayag.

Dahil sa patuloy na paglawak ng papel ng midya sa paghubog ng pampublikong diskurso at sa lumalaking hamon ng maling impormasyon, mahalagang matukoy ang kalagayan at pagkakaugnay ng mga kasanayang ito sa hanay ng mga kabataang mamamahayag. Dahil dito, sinikap ng mananaliksik na alamin ang antas ng kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, at kritikal na pag iisip sa pamamahayag ng mga mamamahayag pangkampus sa Lalawigan ng Capiz upang higit na maunawaan ang mga kasanayan at kakayahang intelektwal na kinakailangan sa epektibong pamamahayag. Sa konseptuwal na balangkas ng pag aaral, ang kasanayan sa pananaliksik at kakayahang pangkomunikatibo sa pamamahayag ang nagsisilbing mga malayang baryabol, samantalang ang kritikal na pag iisip sa pamamahayag ng mga mamamahayag pangkampus ang di malayang baryabol. Ipinapalagay ng balangkas na ang kakayahang magsaliksik at makipagtalastasan nang mahusay ay may mahalagang kaugnayan sa kakayahang magsuri, magtimbang ng ebidensya, magberipika ng impormasyon, bumuo ng makatwirang pagpapasya, at maghatid ng responsableng ulat. Sa pagsusuri sa mga ugnayang ito, inaasahang makapagbibigay ang pag aaral ng empirikal na batayan para sa higit na pagpapaunlad ng kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, at kritikal na pag iisip ng mga mamamahayag pangkampus sa Lalawigan ng Capiz, at sa gayon ay makapag ambag sa paghuhubog ng mga kabataang mamamahayag na may kakayahang magsulong ng makatotohanan, mapanuri, makatao, at responsableng pamamahayag.

Paglalahad ng suliranin

Nakatuon ang pag-aaral na ito sa kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, at kritikal na pag iisip sa pamamahayag ng mga mamamahayag pangkampus sa Probinsiya ng Capiz sa Taong Panuruan 2025-2026.

Layunin ng pag-aaral na ito na sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kasanayan sa pananaliksik sa pamamahayag ng mga mamamahayag pangkampus?
2. Ano ang antas ng kakayahang pangkomunikatibo sa pamamahayag ng mga mamamahayag pangkampus?
3. Ano ang antas ng kritikal na pag iisip sa pamamahayag ng mga mamamahayag pangkampus?

4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa kakayahan sa kritikal na pag iisip sa pagitan ng antas ng kasanayan sa pananaliksik sa pamamahayag ng mga mamamahayag pangkampus?
5. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa kakayahan sa kritikal na pag iisip sa pagitan ng kakayahang pangkomunikatibo sa pamamahayag ng mga mamamahayag pangkampus?
6. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan sa kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, at kritikal na pag iisip sa pamamahayag ng mga mamamahayag pangkampus?
7. Ano ang nilalaman ng training plan sa journalismo ng mga mamamahayag pangkampus?

METODOLOHIYA

Ang ikatlong kabanata ng pag-aaral na ito ay naglalahad ng disenyo ng pananaliksik, mga kalahok, kagamitang ginamit, pamamaraan sa pangangalap ng datos, at mga istadistikang paraan ng pagsusuri na sama-samang gumagabay sa pagsubok ng mga ipotesis na kinilala sa pag-aaral. Ang pangunahing layunin ng mananaliksik ay maipabatid sa nakararami ang kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, at kritikal na pag-iisip sa pamamahayag ng mga mamamahayag pangkampus sa probinsiya ng Capiz para sa Taong Panuruang 2025-2026. Upang matamo ito, ang pag-aaral ay ginamitan ng Mixed method na kwalitatib-kwantitatib na disenyo, kung saan ang survey-correlational na paraan ang ginamit para sa pangangalap ng kwantitatibong datos at ang focus group discussion na disenyo naman ang ginamit para sa kwalitatibong datos, layuning matukoy ang antas ng kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, at kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus sa nasabing probinsiya. Ayon kina Fraenkel at Wallen na binanggit ni Faeldonia (2018), ang pamamaraang ito ay ang proseso sa pagkolekta ng datos upang subukin ang ipotesis o sagutin ang mga tanong hinggil sa kasalukuyang estado ng paksang pinag-aralan. Batay naman kay Best, na binanggit ni Alar (2018), ang survey correlational ay imbestigasyon na naglalarawan at nag-iinterpret sa likas na katangian, pangyayari, o phenomena, na isinaalang-alang ang mga kondisyon ng mga ugnayang nagaganap, umiiral na gawi, paniniwala, at mga prosesong nararanasan sa kasalukuyan, gayundin ang mga epektong nararamdaman o mga kalakaran mabubuo. Sa disenyong ito, ang malayang baryabol ay ang kasanayan sa pananaliksik at kakayahang komunikatibo sa pamamahayag, samantalang ang di malayang baryabol ay ang kritikal na pag-iisip sa pamamahayag ng mga mamamahayag pangkampus. Ginamit ng mananaliksik ang mga kagamitang pang-istadistika sa pagsusuri ng palarawang datos tulad ng frequency count, percentage, mean, standard deviation, One Way Analysis of Variance (ANOVA), at Pearson's r, kung saan ang pagsubok na ito ay itinakda sa 0.05 alpha.

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ang mga estudyanteng mamamahayag pangkampus sa Probinsya ng Capiz na kabilang sa mga sumusunod na Distrito: Cuartero, Dao, Dumalag, Dumarao, Ivisan, Jamindan, Maayon, Mambusao West, Mambusao East, Panitan, Pontevedra, Pilar, Panay, President Roxas, Roxas City, Sapián, Sigma, Tapaz West, at Tapaz East, na kasalukuyang nag-aaral sa Taong Panuruan 2025-2026. Ginamit ang stratified random sampling sa pagkuha ng sample sa bawat Distrito upang mapamudmod ang tatlong daan apatnapu't pito (347) na mga estudyanteng mamamahayag pangkampus sa paaralang sekundarya mula sa kabuuang populasyon na dalawang libo't limandaan at pitumpo (2570) na mamamahayag pangkampus mula sa probinsiya ng Capiz. Ginamit ang Raosoft's formula upang makuha ang sample na tatlong daan at apatnapu't pito (347) sapagkat internet based ang

paraan ng pangangalap ng datos. Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay mga estudyanteng mamamahayag pangkampus na aktibong kasapi ng publikasyon ng kanilang paaralan, may karanasan sa pagsulat at pamamahayag sa loob ng kampus, may kakayahang makipagkomunikasyon sa gagawing sarbey at focus group discussion, at may kusang loob na pumayag na lumahok gayundin may pahintulot ng tagapangasiwa o tagapayo. Samantala, ang mga hindi kabilang sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral na hindi kasapi ng publikasyon ng paaralan, walang kakayahan sa pagsulat ng balita o mga artikulo at pagbabalita, at hindi marunong sagutin ang mga tanong o hindi kompleto ang sagot sa sarbey. Ang mga estudyanteng mamamahayag pangkampus ay pinili gamit ang stratified random sampling, na kung saan ito ay isinagawa sa pamamagitan ng pagkuha ng sample mula sa populasyon at pagkatapos ay pagkuha ng hiwalay na random na sample mula sa bawat stratum (Sullivan, 2018). Ang mga kinailangang bilang ng mga kalahok ay tinukoy gamit ang pormulang Raosoft's, at ang mga guro ay pinili nang random gamit ang stratified proportional sampling sa pamamagitan ng pagguhit ng mga palabunutan, kung saan ang lahat ng mga pangalan ng mga mamamahayag pangkampus ay nakasulat sa mga piraso ng papel at inilagay sa isang kahon. Mula sa kahon, ang kinakailangang bilang ng mga kalahok ay kinuha nang hindi tinitingnan at pagkatapos ay iginuhit upang magsilbing mga kalahok sa pag-aaral. Ginamit ang proporsyonal na pormula ng alokasyon upang makuha ang naaangkop na laki ng sample mula sa iba't ibang distrito o grupo ng populasyon na kasangkot sa pag-aaral.

Ang distribusyon ng mga estudyanteng mamamahayag pangkampus sa pampublikong paaralan, antas sekondarya, na kasalukuyang nag-aaral sa Probinsya ng Capiz ay may kabuuang populasyon na dalawang libo at limandaang pitumpo (2570) mamamahayag na may sample na tatlong daan apatnapu't anim (346) na mamamahayag pangkampus. Sa bawat distrito, ang bilang ng populasyon at kaukulang sample size ay ang mga sumusunod: Roxas City ay may populasyong dalawang daan at apatnapu't lima (245) na may sample na tatlumpu't tatlo (33); Integrated School ay may isang daan at labindalawa (112) na may sample na labinlima (15); Cuartero ay may isang daan at tatlumpu't walo (138) na may sample na labinsiyam (19); Dao ay may isang daan at dalawampu't anim (126) na may sample na labimpito (17); Dumalag ay may isang daan at limampu't pito (157) na may sample na dalawampu't isa (21); Dumarao ay may dalawang daan (200) na may sample na dalawampu't pito (27); Ivisan ay may isang daan at sampu (110) na may sample na labinlima (15); Jamindan ay may isang daan at dalawampu't isa (121) na may sample na labing-anim (16); Maayon ay may isang daan at labing-isa (111) na may sample na labinlima (15); Mambusao West ay may isang daan at tatlo (103) na may sample na labing-apat (14); Mambusao East ay may isang daan at anim (106) na may sample na labing-apat (14); Panitan ay may isang daan at labing-apat (114) na may sample na labinlima (15); Pontevedra ay may isang daan at tatlumpu't anim (136) na may sample na labingwalo (18); Pilar ay may isang daan at pito (107) na may sample na labing-apat (14); Panay ay may isang daan at walo (108) na may sample na labinlima (15); President Roxas ay may isang daan at labinlima (115) na may sample na labing-anim (16); Sapián ay may isang daan at dalawa (102) na may sample na labing-apat (14); Sigma ay may isang daan (100) na may sample na labing-apat (14); Tapaz East ay may isang daan at dalawampu't apat (124) na may sample na labimpito (17); at Tapaz West ay may isang daan at tatlumpu't lima (135) na may sample na labingwalo (18), kung saan ang kabuuang populasyon ay dalawang libo't limandaan at pitumpo (2570) at ang kabuuang sample ay tatlong daan at apatnapu't pito (347).

Bukod dito, isang focus group discussion ang isinagawa, kasama ang sampung mamamahayag pangkampus mula sa iba't ibang paaralan na kasalukuyang nag-aaral sa probinsiya ng Capiz, partikular mula sa dibisyon ng Roxas at dibisyon ng Capiz. Ang distribusyon ng mga tagatugon sa focus group discussion ayon sa paaralan ay ang mga sumusunod: Dao National High School na may dalawang kalahok; Maindang National High

School na may dalawang kalahok; Ivisan National High School na may dalawang kalahok; Malonoy National High School na may dalawang kalahok; Commissioner Luis R. Asis National High School na may isang kalahok; at Jagnaya National High School na may isang kalahok, na bumubuo ng kabuuang sampung (10) kalahok. Ang nais na laki ng sample ay tinukoy gamit ang Raosoft's Formula na batay sa internet, at ginamit ang stratified random sampling sa paglalaan ng bilang ng mga kalahok sa dalawang katagorya ng datos, kwantitatibo at kwalitatibo.

Kaugnay ng personal na katangian ng mga kalahok, ang unang bahagi ng talatanungan ay naglakip ng mga detalye tulad ng pangalan, kasarian (Lalaki, Babae), gulang, antas ng pag-aaral, karanasan sa pamamahayag, at posisyon sa pahayagan. Batay sa nalikom na datos, ang bilang ng mga partisipanteng lalaki ay isang daan at siyam (109) na may bahagdan na 31.41%, samantalang ang mga babaeng partisipante ay dalawang daan at tatlumpu't walo (238) na may bahagdan na 68.59%. Sa usapin ng gulang, karamihan sa mga respondente ay nasa edad 11-15 na may dalawang daan at labing-isa (211) na may bahagdan na 60.81%, samantalang ang mga nasa edad 16-20 ay isang daan at tatlumpu't anim (136) na may bahagdan na 39.19%, at walang respondente na nasa edad 21 pataas. Sa antas ng pag-aaral, ang mga respondente sa Junior High School ay dalawang daan at tatlo (203) na may bahagdan na 58.50%, habang ang mga nasa Senior High School ay isang daan at apatnapu't apat (144) na may bahagdan na 41.50%. Sa karanasan sa pamamahayag, ang mga may 0-3 taong karanasan ang may pinakamataas na bilang na isang daan at animnapu't lima (165) na may bahagdan na 47.55%, sinundan ng mga may 4-6 na taong karanasan na isang daan at dalawampu't isa (121) na may bahagdan na 34.87%, samantalang ang mga may 7-10 na taong karanasan ay tatlumpu't walo (38) na may bahagdan na 10.95%, at ang mga may 11 taon pataas na karanasan ay dalawampu't tatlo (23) na may bahagdan na 6.63%. Sa posisyon sa pahayagan, ang Punong Patnugot ay may apatnapu't siyam (49) na kalahok na may bahagdan na 14.12%, ang Tagapamahala ng Patnugot ay may limampu't isa (51) na may bahagdan na 14.70%, ang Patnugot ng Balita ay may apatnapu't tatlo (43) na may bahagdan na 12.39%, ang Taga-ulat ay may tatlumpu't pito (37) na may bahagdan na 10.66%, ang Kolumnista ay may dalawampu't apat (24) na may bahagdan na 6.92%, ang Litratista ay may tatlumpu't anim (36) na may bahagdan na 10.37%, ang Tagadisenyo ay may apatnapu't lima (45) na may bahagdan na 12.97%, ang Tagasuri ng Sulat ay may tatlumpu't tatlo (33) na may bahagdan na 9.51%, ang Kartunista ay may apatnapu't isa (41) na may bahagdan na 11.82%, at ang Patnugot ng Isports ay may dalawampu't siyam (29) na may bahagdan na 8.36%, na bumubuo sa kabuuang tatlong daan at apatnapu't pito (347) na kalahok o 100%. Nahahati naman sa dalawang dibisyon ang mga kalahok sa pag-aaral na ito, mula sa dibisyon ng Roxas City at dibisyon ng Capiz, na mga estudyanteng mamamahayag pangkampus na kasalukuyang nag-aaral sa probinsya ng Capiz at nakapagtala sa Taong Panuruan 2025-2026.

Ang talatanungang ginamit sa pag-aaral na ito ay binubuo ng apat na bahagi: ang unang bahagi ay ang personal na profayl ng mga kalahok, ang ikalawang bahagi ay ang talatanungan hinggil sa kasanayan sa pananaliksik sa pamamahayag, ang ikatlong bahagi ay ang talatanungan para sa kakayahang pangkomunikatibo sa pamamahayag, at ang ikaapat na bahagi ay ang talatanungan sa kritikal na pag-iisip sa pamamahayag. Ang bahaging tumutukoy sa personal na profayl ng mga kalahok ay nagtakda ng mga personal na katangian sa mga tuntunin ng pangalan (opsyunal), edad, kasarian, antas ng pag-aaral, karanasan sa pamamahayag, at posisyon sa pahayagan. Para sa talatanungan sa kasanayan sa pananaliksik sa pamamahayag pangkampus, ang mananaliksik ay nangalap ng mga datos gamit ang limampung (50) aytem na kinuha mula sa "Research Skills Scale for Senior High School Students: Development and Validation" nina Lacson at Dejos (2020), na binago ang ilan upang iangkop sa kasalukuyang

pag-aaral. Ang instrumentong ito ay idinaan sa content face validity sa tulong ng limang (5) dalubhasang guro sa Filipino, kabilang na ang mananaliksik, at ito ay nahahati sa tatlong aspekto: kasanayan sa pagkilala at pagbabalangkas ng suliranin, kasanayan sa paghanap ng impormasyon at ebidensya, at kasanayan sa metodolohiya ng pananaliksik. Ang mga tugon sa talatanungang ito, gayundin sa dalawa pang sumusunod na talatanungan, ay minarkahan gamit ang 5-puntong iskala kung saan ang iskor na 5 ay nangangahulugang Lubos na sumasang-ayon, ang 4 ay Sumasang-ayon, ang 3 ay Di-sigurado, ang 2 ay Di-sumasang-ayon, at ang 1 ay Lubos na di sumasang-ayon. Para sa interpretasyon ng resulta ng kasanayan sa pananaliksik, ginamitan ito ng sumusunod na iskala: ang saklaw na 4.21 hanggang 5.00 ay Napakataas, ang 3.41 hanggang 4.20 ay Mataas, ang 2.61 hanggang 3.40 ay Katamtaman, ang 1.81 hanggang 2.60 ay Mababa, at ang 1.00 hanggang 1.80 ay Napakababa. Bago isinagawa ang aktwal na pangangalap ng datos, ang instrumento ay isinailalim muna sa pilot testing sa tatlumpung (30) mag-aaral na hindi kabilang sa mga kalahok sa pag-aaral, at ginamit ang Cronbach's alpha upang masukat ang internal consistency ng instrumento, kung saan ang resulta ng Cronbach's Alpha ay nagpakita ng reliability index na 0.856, na nangangahulugang ang instrumentong ginamit ay kapani-paniwala at balido.

Para sa talatanungan sa kakayahang pangkomunikatibo sa pamamahayag pangkampus, ang mananaliksik ay nangalap ng datos gamit ang talatanungang binubuo ng limampung (50) aytem, na hinalaw sa "The Conceptualization of Communicative Competence in Secondary EFL Classroom" ni Juhasz (2015), na binanggit nina Lin et al. (2024), at binago ang ilan upang iangkop sa pag-aaral na ito. Ang talatanungang ito ay nahahati sa tatlong aspekto: kakayahang linggwistiko, kakayahan sa pasalitang talakayan, at kakayahan sa pasulat na talakayan. Ginamitan din ito ng parehong 5-puntong iskala at parehong iskala ng interpretasyon, kung saan ang 4.21 hanggang 5.00 ay Napakataas, ang 3.41 hanggang 4.20 ay Mataas, ang 2.61 hanggang 3.40 ay Katamtaman, ang 1.81 hanggang 2.60 ay Mababa, at ang 1.00 hanggang 1.80 ay Napakababa. Bago ginamit, ang instrumento ay ibinalido ng panel ng mga eksperto, at ang kanilang mga suhestyon at rekomendasyon ay isinama sa rebisyon nito. Matapos ang pagsusuri at content-validation, ito ay isinubok sa tatlumpung (30) mag-aaral na hindi kabilang sa aktwal na mga kalahok sa pag-aaral, at ang resulta ng pilot testing ay ginamit upang matukoy ang factor analysis gamit ang computer, construct validation, at reliability testing sa pamamagitan ng Statistical Package of Social Science (SPSS) Software, na nagbunga ng Cronbach's alpha na may reliability index na 0.963. Ayon kay McDaniel (1992), na binanggit ni Eslaban (2025), ang instrumento na may reliability index na 0.70 pataas ay maituturing na maaasahan.

Para naman sa talatanungan sa kritikal na pag-iisip sa pamamahayag pangkampus, ang mananaliksik ay nangalap ng datos gamit ang talatanungang binubuo ng limampung (50) aytem, na kinuha mula sa "The Development and Validation of Critical Thinking" nina Payan-Carreira et al. (2022), na binago rin ang ilan upang iangkop sa pag-aaral na ito. Ang talatanungang ito ay binubuo ng tatlong aspekto: pagsusuri, pagtatasa, at paghihinuha. Ginamitan din ito ng 5-puntong iskala na katulad ng naunang dalawang instrumento, at ang interpretasyon ng resulta ay ginamitan din ng iskala kung saan ang 4.21 hanggang 5.00 ay Napakataas, ang 3.41 hanggang 4.20 ay Mataas, ang 2.61 hanggang 3.40 ay Katamtaman, ang 1.81 hanggang 2.60 ay Mababa, at ang 1.00 hanggang 1.80 ay Napakababa. Bago ginamit ang instrumento, ito ay ibinalido din ng panel ng mga eksperto, at ang kanilang mga suhestyon at rekomendasyon ay isinama sa rebisyon nito. Matapos ang pagsusuri at content-validation, ito ay isinubok sa tatlumpung (30) mag-aaral na hindi kabilang sa aktwal na mga kalahok sa pag-aaral, at ang resulta ng pilot testing ay ginamit upang matukoy ang factor analysis gamit ang computer, construct validation, at reliability testing sa pamamagitan ng Statistical Package of Social Science (SPSS) Software, na nagbunga ng Cronbach's alpha na may reliability index na 0.942. Muli, ayon kay McDaniel (1992), na binanggit ni Eslaban (2025), ang instrumento na may reliability index na 0.70 pataas ay maituturing na maaasahan.

Sa pamamaraan ng pangangalap ng mga datos, ang mananaliksik ay naglaan ng sapat na panahon sa paggawa ng pag-aaral na ito, kalakip ang paghahanda ng mga talatanungan na ibinatay sa mga nakaraang pag-aaral at iniayon ng mananaliksik katuwang ang kanyang tagapayo, para sa pagsukat sa kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, at kritikal na pag-iisip sa pamamahayag ng mga mamamahayag pangkampus sa probinsiya ng Capiz. Ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa Schools Division Superintendent at mga punong-guro sa buong Probinsya ng Capiz upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito. Nagtakda ng tiyak na araw ang mananaliksik para mapaghandaan ng mga tagatugon ang pagsagot sa mga talatanungan. Ang pamumudmod ng talatanungan ay personal na ginawa ng mananaliksik upang matipon ang mga tagatugon, at ipinaliwanag ng mananaliksik ang mga panuto bago magsimulang sumagot upang masigurong naisagawa nang tama ang naturang talatanungan. Binigyan sila ng sapat na oras upang sagutan ang mga katanungan, at ang nakalap na datos mula sa mga tagatugon ay nanatiling kumpidensyal. Ang natipong datos ay inanalisa sa tulong ng Statistician upang matiyak na tama at mabigyan ito ng tamang pagpapakahulugan at pagsusuri.

Sa pagsusuri at pamamaraan ng mga istadistikang datos, ang mga nalikom na datos ay idinaan sa ilang prosesong palarawang datos. Ginamit ang Frequency Count upang matiyak ang interbal ng bawat iskor batay sa iskala sa pagtala ng tugon ng mga respondente ayon sa kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, at kritikal na pag-iisip sa pamamahayag ng mga mamamahayag pangkampus sa Probinsya ng Capiz. Ginamit ang Percentage sa paglalahad ng bilang ng napiling sagot ng mga mag-aaral sa porsiyentong pamamaraan. Ginamit ang Mean upang ilarawan ang antas ng kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, at kritikal na pag-iisip sa pamamahayag ng mga mamamahayag pangkampus sa Probinsya ng Capiz. Ginamit ang Standard Deviation upang tukuyin ang mga antas ng kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, at kritikal na pag-iisip sa pamamahayag ng mga mamamahayag pangkampus sa Probinsya ng Capiz. Ginamit ang ANOVA for Independent Samples, na itinakda sa 0.05 alpha, upang matukoy ang kahalagahan ng mga pagkakaiba sa pagitan ng dalawang pinaghahambing na grupo. Sa huli, ginamit ang Pearson's r, na itinakda rin sa 0.05 alpha, upang tukuyin ang kahalagahan ng kaugnayan sa pagitan ng kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, at kritikal na pag-iisip sa pamamahayag ng mga mamamahayag pangkampus sa Probinsya ng Capiz.

RESULTA AT PAGTATALAKAY

Ipinapakita sa kabanatang ito ang paglalahad, pagsusuri, at interpretasyon ng mga datos na nakalap mula sa 347 kalahok na mamamahayag pangkampus sa probinsiya ng Capiz, gamit ang disenyo ng survey correlational research. Ang mga datos ay nakalap sa pamamagitan ng talatanungan hinggil sa Kasanayan sa Pananaliksik, Kakayahang Pangkomunikatibo, at Kritikal na Pag-iisip sa Pamamahayag, na sinuplementuhan ng mga tugon mula sa focus group discussion (FGD) upang bigyang-lalim ang mga numerikal na kinalabasan. Ginamit sa pagsusuri ng datos ang mga kagamitang pang-istadistika kabilang ang frequency count, mean, standard deviation, Analysis of Variance (ANOVA), at Pearson r, gamit ang 0.05 alpha level of significance bilang krayteryon sa pagtanggap o pagwaksi ng null hypothesis. Ang talakayang sumusunod ay nakabatay nang buo sa nakalap na datos at direktang iniuugnay sa mga layunin ng pag-aaral, partikular sa pagtukoy sa antas ng kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, at kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus, gayundin sa pagsusuri ng mga makabuluhang pagkakaiba at ugnayan sa pagitan ng mga baryabol na ito.

Batay sa nakalap na datos, ang antas ng kasanayan sa pananaliksik sa pamamahayag ng mamamahayag pangkampus sa probinsiya ng Capiiz ay natagpuang "Napakataas," na may mean na 4.48 at standard deviation na 0.21, sa ilalim ng iskala kung saan ang saklaw na 4.21 hanggang 5.00 ay binibigyang-interpretasyon bilang napakataas. Ipinapahiwatig ng resultang ito na ang mga mamamahayag pangkampus sa lalawigan ay mataas ang kahandaan at kasanayan sa proseso ng pananaliksik, mula sa pangangalap ng datos hanggang sa masusing pagsusuri nito. Ang napakataas na resulta ay sumasalamin sa mga karanasan at pagsasanay na kanilang dinaraan, kung saan hindi lamang teoryang pangkaalaman ang natututuhan kundi maging ang aktwal na proseso ng pangangalap at pagsusuri ng impormasyon. Sa patuloy na paggamit ng kasanayang ito, unti-unting nagiging natural sa kanila ang pagtatanong, pag-uusisa, at paghahanap ng katotohanan sa bawat detalye ng kanilang gawain, na kalaunan ay nahuhubog bilang bahagi ng kanilang pang-araw-araw na propesyonal na aktibidad. Malaking bahagi rin ng kahusayang ito ay ang aktibong partisipasyon ng mga mamamahayag sa iba't ibang gawain tulad ng pagkilala sa suliranin, pagkalap ng datos at sanggunian, pagsunod sa etika at katumpakan sa pananaliksik, pagsusulat ng balita, at pakikipanayam, na sa kabuuan ay nagbibigay sa kanila ng aktwal na kasanayan sa paghaharap sa hamon ng paghahanap ng mapagkakatiwalaang impormasyon. Dagdag pa rito, malaki ang naitutulong ng teknolohiya, lalo na ng internet at iba pang digital na kagamitan, sa pagpapabilis ng proseso ng pananaliksik, bagaman kinakailangan pa rin ang mapanuring pag-iisip upang masala ang dami ng impormasyong makikita sa online, kadalasa'y sa gabay ng kanilang mga guro. Sa FGD, pinatunayan ng mga tagapagtalakay ang mataas na kasanayang ito. Sinabi ng Tagapagtalakay 7 na siya ay nagsasagawa ng pananaliksik sa pamamagitan ng pagkuha ng datos mula sa balita, journal, at opisyal na dokumento, kasabay ng pakikipag-usap sa mga taong direktang apektado ng isyu at ng pag-double check ng impormasyon upang maiwasan ang maling datos. Idinagdag naman ng Tagapagtalakay 2 na gumagamit siya ng online research at fieldwork upang makakuha ng iba't ibang pananaw, kabilang ang pagpunta mismo sa lugar ng pangyayari at pakikipag-usap sa mga eksperto o saksi upang maging buhay at kapani-paniwala ang kanyang artikulo. Ibinahagi rin ng Tagapagtalakay 4 na siya ay nagbigay ng markang 5 sapagkat sanay na siya sa iba't ibang paraan ng pananaliksik at may kakayahang tiyakin ang katumpakan at kasalukuyan ng kanyang datos. Sinang-ayunan ito ng Tagapagtalakay 10, na binanggit ang kahalagahan ng pag-iingat sa pangangalap ng datos sa kasalukuyang panahon dahil sa mga tools at resources na nakatutulong sa pananaliksik, bagaman may nananatiling hamon tulad ng fake news na nangangailangan ng patuloy na integridad. Gayundin, binigyang-diin ng Tagapagtalakay 5 na ang kritikal na pananaw ng mga mamamahayag sa kanilang pananaliksik ay lumalakas dahil sa makabagong teknolohiya, na nagpapabuti sa katumpakan ng kanilang mga ulat nang hindi isinasantabi ang responsibilidad at etika sa pagsusulat. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay sinang-ayunan ni Suskie (2018), na nagpapahayag na ang kasanayan sa pananaliksik ay mahalagang bahagi ng akademikong tagumpay dahil ito ay tumutok sa kakayahan ng mag-aaral na mangalap, magsuri, at magtasa ng mga datos upang makabuo ng makatarungan at makabuluhang konklusyon. Ayon naman kina Areed et al. (2020), ang kasanayan sa pananaliksik ay isang prosesong nangangailangan ng sistematikong pag-aayos at pagsusuri ng impormasyon upang makapagbigay ng masusing pagsusuri sa mga isyung tinatalakay. Pinatunayan pa ito ng pag-aaral ni Head (2016), na binigyang-diin na ang kasanayan sa pananaliksik ay hindi lamang nakatuon sa pagkuha ng impormasyon kundi pati na rin sa pagsusuri ng ebidensya upang makabuo ng makatarungan at kredibleng resulta, na kung saan ang sistematikong proseso ng pananaliksik ay nagtataguyod ng kaayusan at integridad sa mga konklusyon.

Sa larangan naman ng kakayahang pangkomunikatibo sa pamamahayag, natagpuan na ang antas nito sa mga mamamahayag pangkampus sa probinsiya ng Capiiz ay "Napakataas" din, na may mean na 4.38 at standard deviation na 0.30. Ipinapahiwatig ng resultang ito na ang mga

mamamahayag ay may mataas na kahusayan sa paggamit ng wika, gramatika, bokabularyo, at estruktura ng pangungusap, na nagbibigay-daan sa kanila upang maipahayag ang kanilang mga ideya nang malinaw at maayos. Ang matibay na pundasyong linggwistiko na ito ay nagbibigay ng kumpiyansa sa pagbuo ng mga pahayag at artikulo, at nakatutulong sa mabilis na pagproseso ng impormasyon bago ito ihatid sa publiko. Bukod sa kahusayan sa wika, mahalaga rin ang tamang paggamit ng balarila, malinaw na istruktura ng daloy ng pangungusap, at organisadong daloy ng ideya, na tumitiyak na maiiwasan ang maling interpretasyon ng mambabasa. Higit pa rito, hindi lamang mahusay na pagsulat ang mahalaga kundi pati na rin ang kakayahang makipag-ugnayan sa mga kasamahan, sources, at publiko, na nagdudulot ng mas tumpak at napapanahong impormasyon. Sa FGD, ibinahagi ng Tagapagtalakay 3 na naipapakita niya ang kakayahang pangkomunikatibo sa pamamagitan ng malinaw at organisadong pagsulat, gamit ang simpleng salita upang maging accessible ito sa lahat, at maingat na pagtatanong sa panayam upang makuha ang tamang impormasyon nang walang hindi beripikadong datos. Idinagdag ng Tagapagtalakay 2 na mahalaga sa kanya ang tamang pagpili ng mga salita, gayundin ang paggamit ng follow-up na mga tanong sa pakikipanayam upang mapalalim ang usapan at matiyak ang daloy ng kanyang artikulo. Ibinahagi naman ng Tagapagtalakay 8 na siya ay nagbigay ng markang 5 dahil sa kumpiyansa niya sa kakayahang makipagkomunikasyon nang malinaw sa pagsusulat at sa pakikipanayam. Gayundin ang Tagapagtalakay 1, na nagbigay din ng markang 5 batay sa kanyang karanasan sa larangan at kakayahang ipahayag ang impormasyon nang maayos. Sinang-ayunan naman ng Tagapagtalakay 4 at Tagapagtalakay 6 ang resulta, na parehong binanggit ang malinaw at organisadong estilo ng pagsulat ng mga mamamahayag, gayundin ang kanilang magalang at epektibong pamamaraan sa pakikipanayam, bagaman kinilala rin na may mga pagkakataong limitado ang oras kung kaya't maaaring kulang sa detalye ang ilang ulat. Ang mataas na antas ng kakayahang pangkomunikatibo ng mga kalahok ay pinagtibay ng pag-aaral nina Ahmed at Pawar (2018), na nagpapahayag na ang kakayahang pangkomunikatibo ay mahalagang aspeto sa mabisang pakikipagkomunikasyon, hindi lamang sa wastong paggamit ng wika kundi pati na rin sa malinaw na pag-unawa sa mensahe at maayos na nagpapahayag ng sariling ideya. Ayon kay Qobilovna (2023), ang kakayahang pangkomunikatibo ay itinuturing na mahalagang bahagi ng propesyonal na kasanayan na nakakatulong sa pagtamo ng tagumpay sa iba't ibang larangan. Itinampok din sa pag-aaral ni Lang (2018) na ang kakayahang pangkomunikatibo ay multidimensyonal na proseso na nangangailangan ng kasanayan sa wastong paggamit ng estruktura, pag-unawa sa kahulugan, at angkop na konteksto.

Sa aspeto ng kritikal na pag-iisip sa pamamahayag, natagpuan na ang antas nito ay "Napakataas," na may mean na 4.53 at standard deviation na 0.27. Ipinapakita ng resultang ito ang mataas na antas ng analitikal at reflektibong kahusayan ng mga mamamahayag, partikular sa kanilang kakayahang mag-analisa ng impormasyon nang malalim bago ito ipahayag sa publiko, kabilang ang pagsisiyasat ng mga datos, pahayag, at sanggunian upang matukoy ang katumpakan at kredibilidad ng impormasyon. Ang kahusayang ito ay maiuugnay sa kanilang kakayahang magtanong at mag-observa, partikular sa pagtatanong ng "bakit" at "paano" sa bawat sitwasyon, na nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa konteksto at implikasyon ng balita. Higit pa rito, mahalaga rin ang kakayahang magbuo at magbigay ng solusyon batay sa pagsasama-sama ng iba't ibang datos upang makabuo ng makatarungang konklusyon, kaya't ang kanilang pamamahayag ay hindi lamang nag-uulat kundi nagtuturo rin sa publiko ng wastong impormasyon. Sa FGD, ipinaliwanag ng Tagapagtalakay 9 na ang kanyang kritikal na pag-iisip ay nagbibigay-daan upang maunawaan ang pinagmulan ng impormasyon at masuri ang katumpakan at kaaasahan ng mga datos bago isama sa artikulo, kasabay ng pag-aaral ng iba't ibang anggulo ng isyu upang maiwasan ang bias. Idinagdag ng

Tagapagtalakay 8 na binibigyang-diin niya ang integridad at obhetibidad sa bawat bahagi ng kanyang sulatin, habang nagbigay naman ng markang 5 ang isa pang Tagapagtalakay 8 dahil sa kumpiyansa sa kakayahang magsuri ng impormasyon mula sa iba't ibang sanggunian gamit ang logic at reasoning. Gayundin, nagbigay ng markang 5 ang Tagapagtalakay 5 dahil sa kanyang kakayahan sa pagsusuri ng impormasyon at paggamit ng analytical skills upang makita ang pattern o implikasyon ng datos. Sinang-ayunan naman ng Tagapagtalakay 2 at Tagapagtalakay 6 ang resulta, bagaman kapwa nila kinilala na may mga pagkakataong limitado ang oras kung kaya't hindi ganap na napapakinabangan ang lalim ng pagsusuri. Ang resulta ng pag-aaral na ito ay naaayon sa kay Alsaleh (2020), na nagpapahayag na ang kritikal na pag-iisip ay mahalagang kasanayan ng mga mag-aaral dahil tumutukoy ito sa kakayahang magsuri, magtanong, at magbigay ng makatarungang opinyon batay sa ebidensya at lohikal na pagsusuri. Sinuportahan din ito ng pag-aaral nina Grohs et al. (2018), na nagsasabing dapat may kasanayan ang mga mag-aaral sa pagsusuri ng isyu, pagbuo ng mga alternatibong solusyon, at paghusga ng mga posibleng epekto upang makagawa ng matalinong desisyon. Pinatunayan pa ito ng pag-aaral nina Paul at Stupple et al. (2019), na binigyang-diin na ang kritikal na pag-iisip ay may mahalagang papel sa pagpapabuti ng akademikong tagumpay at sa mas epektibong komunikasyon.

Sa bahaging inferensyal na pagsusuri ng mga datos, sinuri ang pagkakaiba sa antas ng kritikal na pag-iisip sa pamamahayag kapag pinangkat ayon sa antas ng kasanayan sa pananaliksik gamit ang Analysis of Variance (ANOVA). Ipinakita ng resulta na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kritikal na pag-iisip kapag pinangkat ayon sa kasanayan sa pananaliksik, na may F na 0.241 at Sig. na 0.624, kung saan ang Between Groups ay may Sum of Squares (SS) na 0.017, degrees of freedom (df) na 1, at Mean Square (MS) na 0.017, habang ang Within Groups ay may SS na 25.015, df na 345, at MS na 0.073, na nagbibigay ng kabuuang SS na 25.033 sa 346 df. Dahil ang Sig. na 0.624 ay higit sa 0.05 na alpha level, tinanggap ang null hypothesis. Ipinapahiwatig nito na kahit iba-iba ang antas ng kasanayan sa pananaliksik ng mga kalahok, nananatiling pantay-pantay ang kanilang kritikal na pag-iisip, marahil dahil sa propesyonismo at karanasang praktikal na nakakamit sa aktwal na gawaing pamamahayag, kaysa sa purong teoretikal na kasanayan sa pananaliksik. Sa FGD, binigyang-diin ng Tagapagtalakay 2 at Tagapagtalakay 5 na kahit walang makabuluhang pagkakaiba, ang kritikal na pag-iisip at kasanayan sa pananaliksik ay parehong mahalaga at magkaugnay sa paggawa ng obhetibo at makabuluhang balita, bagaman kinilala rin ng Tagapagtalakay 5 na maaaring hindi ito laging magkatumbas, dahil may mga mamamahayag na mahusay sa pagsusuri ngunit hindi gaanong sanay sa pangangalap ng datos. Kaugnay nito, ang resulta ay may pagkakatulad sa pag-aaral nina Tanujaya et al. (2017), na nagpapakita na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa pananaliksik at kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus. Dagdag pa ayon kay Vanger Brugge (2018), ang kasanayan sa pananaliksik ay nagbibigay ng mga kasangkapan upang masuri nang maayos ang impormasyon at ebidensya, habang ayon naman kina Cooper et al. (2019), ang napakataas na kasanayan sa pananaliksik ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pagsusuri at mas maayos na pagbuo ng konklusyon.

Sinuri rin ang pagkakaiba sa antas ng kritikal na pag-iisip sa pamamahayag kapag pinangkat ayon sa antas ng kakayahang pangkomunikatibo. Ipinakita ng ANOVA na walang makabuluhang pagkakaiba, na may F na 0.360 at Sig. na 0.549, kung saan ang Between Groups ay may SS na 0.026, df na 1, at MS na 0.026, habang ang Within Groups ay may SS na 25.007, df na 345, at MS na 0.072, na nagbibigay ng kabuuang SS na 25.033 sa 346 df. Dahil ang Sig. na 0.549 ay higit sa 0.05 na alpha level, tinanggap din ang null hypothesis. Ipinapahiwatig nito na ang mga mamamahayag pangkampus ay may pantay na antas ng kritikal na pag-iisip anuman ang kanilang antas ng kakayahang pangkomunikatibo, marahil dahil sa magkasabay na paggamit ng pagsusuri at pagpapahayag sa bawat gawaing pamamahayag, gaya ng pagsulat

ng artikulo, pananayam, at pagpapalano ng pahayag, na sabay na humuhubog sa kanilang pag-iisip at paraan ng pagpapahayag. Sa FGD, sinang-ayunan ng Tagapagtalakay 4, Tagapagtalakay 7, at Tagapagtalakay 9 ang resulta, na binigyang-diin na ang analytical skills at communication skills ay parehong mahalaga at magkasamang sumusuporta sa kalidad ng artikulo kahit walang makabuluhang pagkakaiba sa kanilang antas. Ang resulta ay tumutugma sa pag-aaral nina Clokie at Fourie (2016), na nagpakita na walang makabuluhang ugnayan ang kakayahang komunikatibo at kasanayang kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus, dahil ang mataas na antas ng kakayahang komunikatibo ay hindi awtomatikong nagreresulta sa mas malinaw o mas epektibong pagpapahayag ng mga ideya at opinyon. Sang-ayon din dito ang pag-aaral nina Molerov et al. (2020), na nagsasaad na ang kritikal na pag-iisip ay maaaring umiral nang hiwalay sa kakayahang komunikatibo, at dagdag pa ni Byram (2020), na binigyang-diin na ang mahusay na komunikasyon ay maaaring umiral nang walang kaakibat na mataas na antas ng pagsusuri o lohikal na pag-iisip.

Kaugnay ng huling layunin ng pag-aaral, sinuri gamit ang Pearson r ang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, at kritikal na pag-iisip sa pamamahayag ng mga mamamahayag pangkampus. Natagpuan na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa pananaliksik at kakayahang pangkomunikatibo, na may r na 0.093 at p -value na 0.083, na higit sa 0.05 na alpha level. Gayundin, walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa pananaliksik at kritikal na pag-iisip sa pamamahayag, na may r na 0.031 at p -value na 0.556 (nakasaad ding 0.566 sa talakayan ng resulta), na parehong higit sa 0.05. Sa huli, walang makabuluhang ugnayan din sa pagitan ng kakayahang pangkomunikatibo at kritikal na pag-iisip sa pamamahayag, na may r na negatibong 0.015 $[(-)0.015]$ at p -value na 0.778, na higit din sa 0.05 na alpha level. Batay sa mga resultang ito, iwinaksi ang nabuong hypothesis na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng tatlong baryabol, at tinanggap ang null hypothesis na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, at kritikal na pag-iisip sa pamamahayag ng mga mamamahayag pangkampus. Ipinapahiwatig ng resultang ito na ang tatlong kasanayan ay gumagana sa magkakaibang dimensyon ng pamamahayag at hindi tuwirang nakaaapekto sa isa't isa. Ang kasanayan sa pananaliksik ay nakatuon sa sistematikong pangangalap, pagsusuri, at pagbibigay-kahulugan sa datos, habang ang kakayahang pangkomunikatibo ay nakasentro sa malinaw at epektibong pagpapahayag ng ideya, at ang kritikal na pag-iisip naman ay nakabatay sa pagsusuri, paghusga, at pagbuo ng lohikal na argumento. Dahil sa pagkakaibang ito sa kalikasan at pokus ng bawat kasanayan, hindi nangangahulugan na ang isang indibidwal na mahusay sa isang aspeto ay awtomatikong mahusay din sa iba, sapagkat maaaring nade-develop ang bawat kasanayan nang hiwalay depende sa uri ng pagsasanay, karanasan, motibasyon, at akses sa impormasyon ng bawat mamamahayag. Idinagdag pa na ang konteksto ng campus journalism, kung saan sinusunod ang itinakdang format at estilo ng pagsulat, ay maaaring naglilimita sa pagkakataong sabayang gamitin ang tatlong kasanayan, kaya't hindi ganap na naipapakita ang kanilang ugnayan sa loob ng pag-aaral. Sa FGD, binigyang-diin ng Tagapagtalakay 2, Tagapagtalakay 5, Tagapagtalakay 4, Tagapagtalakay 10, at Tagapagtalakay 1 na kahit walang makabuluhang ugnayan, ang tatlong kasanayan ay parehong mahalaga at nagsisilbing hiwalay na pundasyon ng propesyonismo at kredibilidad sa pamamahayag. Ang mga resulta ay sinang-ayunan ni Foreman et al. (2020), na nagpapahayag na bagama't may mga mag-aaral na mahusay sa pananaliksik, hindi ito awtomatikong nagreresulta sa mas mataas na antas ng kritikal na pag-iisip. Sinang-ayunan din ito ni Tracy (2024), na nagsaad na ang napakataas na kakayahang komunikatibo ay hindi rin garantiya ng masusing pagsusuri, at nina Henke et al. (2020) at

Abdenour et al. (2021), na parehong nagpakita na ang kasanayang pananaliksik, kakayahang komunikatibo, at kritikal na pag-iisip ay maaaring umunlad nang hiwalay sa isa't isa.

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, binuo ng mananaliksik ang isang training plan sa journalismo na pinamagatang "PAULat ng Katotohanan: Isang Kontemporaryong Plano sa Pagsasanay sa Pamamahayag," bilang direktang tugon sa pangangailangang paunlarin nang integrado ang kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, at kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus. Ang planong ito ay binubuo ng tatlong araw na sistematikong pagsasanay na may malinaw na iskedyul ng oras, mga paksang tatalakayin, at mga tagapanayam na mangunguna sa bawat sesyon, mula sa rehistrasyon at pambungad na gawain hanggang sa pangwakas na palatuntunan. Sa unang araw, tinatalakay ang panimula sa campus journalism, mga batayang legal at etikal tulad ng paninirang puri at plagyarisismo, pamamahala ng pahayagang pampaaralan, pagsulat ng balita at pampalakasan, paglinang ng kritikal na pag-iisip sa pagpili at pag-angkop ng balita, at pananaliksik at pagsusuri ng impormasyon, na pinatitibay ng mga writeshop bilang praktikal na aplikasyon. Sa ikalawang araw, pinalalim ang teknikal at etikal na aspeto sa pamamagitan ng pagwawasto ng kopya, pagsulat ng ulo ng balita, paglinang ng kakayahang pangkomunikatibo, factchecking, kritikal na pag-iisip sa makabagong dyornalismo, pagsulat ng lathalain, at pagkuha ng larawan. Sa ikatlong araw naman, binibigyang-pansin ang papel ng wika at komunikasyon sa panahon ng social media at digital na midya, kabilang ang pagsulat ng editoryal, responsableng pagtatanong sa panayam, at ang papel ng wika sa paglinang ng kritikal na kamalayan ng mambabasa.

Sa kabuuan, ipinapakita ng mga natuklasan ng pag-aaral na ang mga mamamahayag pangkampus sa probinsiya ng Capiz ay may napakataas na antas ng kasanayan sa pananaliksik ($M= 4.48$, $SD= 0.21$), kakayahang pangkomunikatibo ($M= 4.38$, $SD= 0.30$), at kritikal na pag-iisip sa pamamahayag ($M= 4.53$, $SD= 0.27$), na direktang tumutugon sa unang layunin ng pag-aaral na tukuyin ang antas ng tatlong kasanayang ito. Sa kabila ng napakataas na antas ng bawat baryabol, ipinakita ng resulta ng ANOVA na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kritikal na pag-iisip kapag pinangkat ayon sa antas ng kasanayan sa pananaliksik ($F= 0.241$, $Sig.= 0.624$) at ayon sa antas ng kakayahang pangkomunikatibo ($F= 0.360$, $Sig.= 0.549$), habang ipinakita naman ng resulta ng Pearson r na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng tatlong baryabol (kasanayan sa pananaliksik at kakayahang pangkomunikatibo: $r= 0.093$, $p= 0.083$; kasanayan sa pananaliksik at kritikal na pag-iisip: $r= 0.031$, $p= 0.556$; kakayahang pangkomunikatibo at kritikal na pag-iisip: $r= -0.015$, $p= 0.778$). Ang mga resultang ito ay nagpapatunay na ang bawat kasanayan ay maaaring malinang nang hiwalay sa isa't isa, na may sariling proseso at pundasyon, ngunit magkasamang nag-aambag sa pangkalahatang kahusayan at propesyonalismo ng mga mamamahayag pangkampus. Ang mga natuklasang ito ay nagbibigay ng mahalagang batayan para sa pagbuo ng mas integrado at komprehensibong pagsasanay, gaya ng iminungkahing training plan na "PAULat ng Katotohanan," na naglalayong pantay na paunlarin ang tatlong kasanayan sa halip na umasa lamang sa likas na kahusayan ng mga mamamahayag. Ang kabanatang ito ay nagsisilbing matibay na saligan para sa susunod na bahagi ng pag-aaral, kung saan ilalahad ang buod, konklusyon, at rekomendasyon batay sa mga natuklasang ipinakita sa kabanatang ito.

KONGKLUSYON

Ang mga natuklasan ng pag-aaral na ito ay nagpapatunay na ang mga mamamahayag pangkampus sa probinsiya ng Capiz ay nagtataglay ng napakataas na antas ng kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, at kritikal na pag-iisip sa pamamahayag. Ang napakataas na resulta sa kasanayan sa pananaliksik ay nagpapakita ng matibay na pundasyon ng mga mag-aaral sa pangangalap at pagsusuri ng impormasyong mahalaga sa makabuluhang

pamamahayag, bunga ng kanilang aktibong pagkakalantad sa iba't ibang isyu sa paaralan at komunidad na humahamon sa kanila na magsaliksik nang mas malalim at masusi. Ang kanilang pagtuon hindi lamang sa karaniwang balita kundi pati na rin sa mga natatagong kuwento at suliraning nangangailangan ng boses ay nagpapakita ng kawilihan at pagiging di pangkaraniwan ng kanilang mga paksa, samantalang ang dami ng kanilang naisusulat na artikulo ay tumutulong sa paghubog ng kanilang kakayahan sa organisasyon ng datos, kritikal na pag-iisip, at pagbibigay-kahulugan sa impormasyon. Katumbas nito, ang napakataas na antas ng kakayahang pangkomunikatibo ng mga mamamahayag pangkampus ay nagpapamalas ng kanilang husay sa malinaw, maayos, at organisadong pagpapahayag ng ideya, kung saan ang kanilang mga artikulo ay nakapupukaw ng interes at nakagaganyak basahin dahil sa mahusay na paggamit ng wika at estilong kaakit-akit sa mambabasa. Dahil lohikal ang daloy ng kaisipan at angkop ang pagpili ng mga salita sa kanilang mga isinusulat, ang kanilang mga akda ay nagiging hindi lamang kapaki-pakinabang kundi maaari ring makipagtagisan sa iba't ibang patimpalak sa pagsulat. Gayundin, ang napakataas na antas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral ay nagpapakita ng kanilang kakayahang magsagawa ng masusing pagsusuri, makilala ang lohikal na ugnayan ng mga ideya, at makabuo ng matalinong desisyon, kakayahang patuloy na nahuhubog sa pamamagitan ng aktibong partisipasyon sa mga gawaing pang-akademiko at madalas na pagsasanay na sumasalamin sa mahalagang bahagi nito sa kanilang kurikulum. Bunga nito, mapaunlad ang kakayahan ng mga mag-aaral na mag-isip nang malalim at masusing magsiyasat ng iba't ibang isyu at impormasyon, na nagpapatunay ng kanilang kahandaan para sa mas mataas na antas ng pagkatuto at pagdedesisyon, gayundin ng kakayahang makapagbigay ng tumpak at mapanaligang impormasyon.

Bagaman napakataas ang antas ng bawat isa sa tatlong kasanayan, natagpuan din ng pag-aaral na walang makabuluhang pagkakaiba sa kakayahan sa kritikal na pag-iisip kapag ihinambing sa antas ng kasanayan sa pananaliksik, gayundin sa kakayahang pangkomunikatibo, at walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng tatlong kasanayang ito sa kabuuan. Ang kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng kasanayan sa pananaliksik at kritikal na pag-iisip ay nagpapahiwatig na hindi awtomatikong nahuhubog ang malalim na pag-iisip sa pamamagitan lamang ng pagsasanay sa pananaliksik, sapagkat ang pananaliksik na nakatuon lamang sa pagsunod sa pormat at proseso ay maaaring hindi sapat upang malinang ang kakayahang magsuri, magtanong, at magbigay ng matalinong pagpapasya. Sa katulad na paraan, ang kawalan ng makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng kakayahang pangkomunikatibo at kritikal na pag-iisip ay nagpapahiwatig na ang husay sa pagpapahayag ay hindi awtomatikong katumbas ng lalim ng pag-iisip ng mga mag-aaral, kaya't maaaring matutuhan ng mga mag-aaral ang wastong paggamit ng wika at epektibong komunikasyon nang hindi lubos na nahahasa ang kanilang kakayahang magsuri at magbigay ng makabuluhang pananaw. Nangangahulugan ito na nananatiling magkahiwalay ang pag-unlad ng mga kasanayang ito sa karanasan ng mga mag-aaral dahil sa magkaibang pokus ng kanilang pagkatuto, kaya't mahalagang bigyang-diin sa pagtuturo ang mas malalim na pag-unawa, analisis, at repleksyon, gayundin ang pag-uugnay ng mga kasanayang ito sa proseso ng pagtuturo, upang tunay na mapaunlad at mapalalim ang pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral. Dagdag pa rito, ang kawalan ng makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, at kritikal na pag-iisip ay nagpapahiwatig na hindi sapat na batayan ang isa sa mga kasanayang ito upang mahulaan o matukoy ang antas ng husay sa pamamahayag ng isang mag-aaral, sapagkat maaaring may iba pang salik na nakaaapekto sa kanilang kakayahan, tulad ng karanasan, interes, pagsasanay, o suporta mula sa paaralan. Sa kabila nito, hindi dapat maging hadlang ang kinalabasan ng pag-aaral upang paunlarin pa rin ang pananaliksik, komunikasyon, at kritikal na pag-iisip, sapagkat mahalaga

pa rin ang mga ito sa kabuuang pagkatuto ng mga mag-aaral; sa halip, maaari itong magsilbing gabay upang bumuo ng mas angkop na programa at pagsasanay na tutugon sa tunay na pangangailangan ng mga batang mamamahayag, kung saan ang pagpapahusay sa kanilang kakayahan ay dapat nakatuon sa holistikong paglinang ng kanilang kabuuang potensyal.

Batay sa mga natuklasang ito, nabuo ang isang batayan sa training plan para sa journalismo na pinamagatang PAULat ng Katotohanan: Isang Kontemporaryong Plano sa Pagsasanay sa Pamamahayag, isang sistematikong balangkas ng tatlong araw na pagsasanay na personal na binuo ng mananaliksik upang paunlarin ang kaalaman at kasanayan ng mga mamamahayag pangkampus. Ito ay isang komprehensibong plano ng pagsasanay na naglalayong mas lalo pang hubugin at palaguin ang kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, at kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus, at magsilbing roadmap para sa pagpapalakas ng mga kasanayang ito ayon sa natukoy na pangangailangan ng mga mag-aaral.

Alinsunod sa mga kongklusyong ito, iminumungkahi na patuloy na paunlarin ng mga mamamahayag pangkampus ang kanilang kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, at kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga seminar, palihan, at kompetisyong pampamahayag, gayundin ng pagsasagawa ng mas malalim na pananaliksik na tumatalakay sa napapanahong isyung panlipunan at pagsasanay sa investigatibo at malikhaing pagsusulat. Hinihikayat din silang paunlarin ang iba't ibang anyo ng pamamahayag tulad ng balita, editoryal, at lathalain, tuklasin ang digital at investigatibong pamamahayag, at panatilihin ang pagsunod sa etika ng pamamahayag tulad ng katotohanan at obhetibidad. Para sa mga guro at tagapayo ng pahayagan, mahalaga ang patuloy na pagbibigay ng gabay, regular na mentoring, at mas advanced na pagsasanay sa pamamagitan ng kolaboratibong proyekto, debate, at case study, kasama ang pagbibigay ng konstruktibong puna upang mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pananaliksik, komunikasyon, at kritikal na pag-iisip. Inaasahan din sa mga administrador at pinuno ng paaralan na maglaan ng sapat na pondo, kagamitan, at suporta para sa mga programang pampamahayag, magbigay ng oportunidad sa mga mag-aaral na maipamalas ang kanilang kakayahan, at kilalanin ang mga natatanging gawa upang mapanatili ang kanilang motibasyon. Hinihikayat naman ang mga magulang na magbigay ng suportang moral, oras, at positibong pidbak upang mahubog pa ang interes at kasanayan ng kanilang mga anak sa pamamahayag. Para sa Kagawaran ng Edukasyon, iminumungkahi na patatagin at palawakin pa ang mga programang may kaugnayan sa campus journalism, kabilang ang regular na pagsasanay, ang integrasyon ng digital at investigatibong pamamahayag sa kurikulum, at ang paglalaan ng sapat na pondo at oportunidad upang mapanatili ang mataas na kalidad ng edukasyon at komunikasyon sa bansa, gayundin ang paggamit ng nabuong training plan bilang modelo para sa isang pambansa at pare-parehong pamamaraan sa pagpapabuti ng mga kasanayang ito. Sa huli, hinihikayat ang mga susunod na mananaliksik na magsagawa ng karagdagang pag-aaral na tutuon sa iba pang salik na maaaring makaapekto sa kasanayan sa pananaliksik, kakayahang pangkomunikatibo, at kritikal na pag-iisip ng mga mamamahayag pangkampus, tulad ng antas ng interes sa pamamahayag, exposure sa digital media, at karanasan sa aktwal na pagsulat, gayundin ang palawakin ang saklaw ng pag-aaral sa iba't ibang rehiyon o antas ng edukasyon sa pamamagitan ng iba't ibang metodolohiya, upang higit na mapayaman ang kaalaman sa larangang ito at makatulong sa pagbuo ng mas epektibong estratehiya sa pagtuturo at pagsasanay sa pamamahayag.

TALASANGGUNIAN

Abdenour, J., McIntyre, K., & Dahmen, N. S. (2021). Seeing eye to eye: A comparison of audiences' and journalists' perceptions of professional roles and how they relate to trust. *Journalism Practice*, 15(3), 329–347. <https://doi.org/10.1080/17512786.2020.1716828>

Agustina, L., & Setiawan, R. (2020). Fostering a natural atmosphere; improving students' communication skill in a business meeting. *Journal of Languages and Language Teaching*, 8(3), 307–314.

Ahmed, S. T. S., & Pawar, S. V. (2018). Communicative competence in English as a foreign language: Its meaning and the pedagogical considerations for its development. *The Creative Launcher*, 2(6), 267–277.

Alar, E. P. (2018). Estatehiyang gustong gamitin ng guro at mag-aaral sa Filipino at impluwensiya nito sa performans ng mag-aaral sa Grado 10. *Filamer Christian University*.

Alsaleh, N. J. (2020). Teaching critical thinking skills: Literature review. *Turkish Online Journal of Educational Technology*, 19(1), 21–39. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1239945.pdf>

Argota, E. A. (2020, May 7). *Pamamahayag*. Scribd. <https://www.scribd.com/document/460325442/PAMAMAHAYAG>

Areed, S., Salloum, S. A., & Shaalan, K. (2020). The role of knowledge management processes for enhancing and supporting innovative organizations: A systematic review. *Recent Advances in Intelligent Systems and Smart Applications*, 143–161. <https://www.academia.edu/download/64016797/The%20Role%20of%20Knowledge%20Management.pdf>

Bautista, R. A., & Del Valle, J. M. (2023). Communicative competence and oral language usage of Filipino learners in English. *International Journal of Educational Management and Development Studies*, 4(1), 1–23.

Bayang, E. E., & Rodriguiz, A. R. (2020). Kaalaman at kasanayan (competence) sa pananaliksik ng mga senior hayskul sa Filipino: Implikasyon sa pagtanggap ng Filipino sa Kolehiyo. *International Journal of Current Research*.

Brader-Araje, L., & Jones, M. (2020). Constructivism in modern classrooms: Active learning and student engagement. *Journal of Educational Research*, 113(2), 145–158.

Byram, M. (2020). Teaching and assessing intercultural communicative competence: Revisited. *Multilingual Matters*. https://spada.uns.ac.id/pluginfile.php/253332/mod_resource/content/1/ICC%20Byram.pdf

Calderon, A., & Gonzales, B. (2019). *Methods of research and thesis writing*. Rex Bookstore.

Canale, M. A., & Swain, M. (1980). Theoretical bases of communicative approaches to second language teaching and testing. *Applied Linguistics*, 1(1), 1–47.
<https://www.researchgate.net/publication/31260438>

Carbonel, M. (2023). Why campus journalism. GuruPress-Cordillera.
<https://www.gurupresscordillera.com/post/why-campus-journalism>

Carambas, J. R., & Tibaldo, J. S. (2025). Fostering critical thinking in Filipino through media and information literacy. *Advances in Mobile Learning Educational Research*, 5(1), 1370–1387.

Cooper, H., Hedges, L. V., & Valentine, J. C. (Eds.). (2019). *The handbook of research synthesis and meta-analysis*. Russell Sage Foundation.
<https://www.daneshnamehicsa.ir/userfiles/files/1/9%20The%20Handbook%20of%20Research%20Synthesis%20and%20Meta-Analysis.pdf>

Cortes, S. M. (2023, February 24). Yunit 1: Kaalaman sa RA 7079. Scribd.
<https://www.scribd.com/document/627698074/Yunit-1-Kaalaman-Sa-RA-7079>

https://www.ucg.ac.me/skladiste/blog_609332/objava_105202/fajlovi/Creswell.pdf
(Retrieved October 29, 2025).

<https://publicservice.up.edu.ph/wpcontent/uploads/2017/06/Research-Methods-in-Public-Administration-CPED.pdf> (Retrieved October 30, 2025).

https://uk.sagepub.com/sites/default/files/upmbinaries/67529_McQuail_Mass_Communication_Theory_Chapter_4.pdf (Retrieved October 23, 2025).

https://mrk.journals.ekb.eg/article_100362_e1a398ccc1c73f194c39744f7301f966.pdf&fbclid=IwY2xjawNxDktleHRuA2FlbQIxMABicmlkETFGQjBsa003WVITWTNXWTVFAR5NZnVl1M_jFhsUscT5qFQe4KErvSj51pox_W3a0T2p9DI62ef5dUkPQzvHHA_aem_i7PR391hDvwPJJT1qRhgKA (Retrieved October 30, 2025).

Clokie, T. L., & Fourie, E. (2016). Graduate employability and communication competence: Are undergraduates taught relevant skills? *Business and Professional Communication Quarterly*, 79(4), 442–463.

Dades, R. (2024). Kritikal na pag-iisip. Scribd.
<https://www.scribd.com/document/706317819/Group-5-Kritikal-na-Pag-iisip>

Damit, F. J. M., & Dano-Hinosolango, M. A. (2022). Assessing grammatical and discourse competencies in campus papers to enhance journalistic writing. *Sci. Int. (Lahore)*, 34(1), 17–20.

Del Mundo, J. A. (2022, October 9). Dell Hymes. Scribd.
<https://www.scribd.com/presentation/599447050/Dell-Hymes>

Diestro, D. (2019). Trends, opportunities and best practices in science education of state universities and colleges in the Island of Panay [Dissertation]. Filamer Christian University.

Duterte, J. (2024). Social media use and critical thinking skills among senior high school learners: A quantitative correlational study. *Journal of Tertiary Education and Learning*, 3(1).

Egar, R., & Oliva, E. R. (2024). The mediating effect of student understanding in Filipino subject in the relationship between learning experience and communicative skills. *Journal of Natural Language and Linguistics*.

Ennis, R. H. (1985). A logical basis for measuring critical thinking skills. *Educational Leadership*, 43(2), 44–48.

Ennis, R. H. (1989). Critical thinking and subject specificity: Clarification and needed research. *Educational Researcher*, 18(3), 4–10.

Eslaban, L. A. (2025). Kaalaman, saloobin at kahandaan sa “Matatag Kurikulum” ng mga guro sa probinsiya ng Capiz: Batayan sa training matrix. *Filamer Christian University*.

Facione, P. A. (1990). Critical thinking: A statement of expert consensus for purposes of educational assessment and instruction. The California Academic Press.

Facione, P. A. (2011). Critical thinking: What it is and why it counts. *Insight Assessment*.

Facione, P. A., Facione, N. C., & Giancarlo, C. A. (2000). The disposition toward critical thinking: Its character, measurement, and relationship to critical thinking skill. *Informal Logic*, 20(1).

Grohs, J. R., Kirk, G. R., Soledad, M. M., & Knight, D. B. (2018). Assessing systems thinking: A tool to measure complex reasoning through ill-structured problems. *Thinking Skills and Creativity*, 28, 110–130.
<https://www.sciencedirect.com/science/article/pii/S1871187117302511>

Head, B. W. (2016). Toward more “evidence-informed” policy making? *Public Administration Review*, 76(3), 472–484. <https://onlinelibrary.wiley.com/doi/pdf/10.1111/puar.12475>

Henke, J., Leissner, L., & Möhring, W. (2020). How can journalists promote news credibility? Effects of evidences on trust and credibility. *Journalism Practice*, 14(3), 299–318.
<https://www.academia.edu/download/92334753/17512786.2019.160583920221012-1-1w4isfr.pdf>

Hikmah, N., Akmal, & Buffe, F. T. (2019). Writing skills of junior high school students of the University of Saint Anthony, Iriga City, Philippines. *Advances in Social Science, Education and Humanities Research*, 370, 33–36.

<https://www.scribd.com/document/627698074/Yunit-1-Kaalaman-Sa-RA-7079> (Retrieved February 24, 2023).

<https://www.scribd.com/document/706317819/Group-5-Kritikal-na-Pag-iisip>

https://www.researchgate.net/publication/31260438_Theoretical_Bases_of_Communicative_Approaches_to_Second_Language_Teaching_and_Testing (Retrieved October 28, 2025).

https://www.researchgate.net/publication/251303244_Critical_Thinking_What_It_Is_and_Why_It_Counts (Retrieved October 28, 2025).

https://books.google.com.ph/books/about/Principles_and_Methods_of_Research_2006.html?id=zRY6xxaeyOwC&redir_esc=y (Retrieved October 27, 2025).

<https://tuklas.up.edu.ph/Record/UP1685594773861666672/Description> (Retrieved October 29, 2025).

https://books.google.com.ph/books/about/Principles_and_Methods_of_Research_2006.html?id=zRY6xxaeyOwC&redir_esc=y (Retrieved October 27, 2025).

https://www.researchgate.net/publication/341979920_Miller's_Model_for_Developing_Critical_Thinking_Skill_of_PreService_Teachers_at_Suan_Sunandha_Rajabhat_University (Retrieved October 27, 2025).

<https://www.scribd.com/presentation/430784898/kakayahang-pangkomunikatibo> (Retrieved October 28, 2025).

<https://www.studocu.com/ph/document/delasalleuniversity/thefilipinoandasean/komunikasyonatpananaliksik-11-q2-mod4-kakayahangpangkomunikatibo/13734788> (Retrieved November 2, 2025).

<https://www.scribd.com/presentation/430784898/kakayahang-pangkomunikatibo> (Retrieved October 28, 2025).

<https://www.studocu.com/ph/document/delasalleuniversity/thefilipinoandasean/komunikasyonatpananaliksik-11-q2-mod4-kakayahangpangkomunikatibo/13734788> (Retrieved November 2, 2025).

<https://www.scribd.com/presentation/430784898/kakayahang-pangkomunikatibo> (Retrieved October 28, 2025).

https://www.researchgate.net/profile/MerrillSwain/publication/31260438_Theoretical_Bases_of_Communicative_Approaches_to_Second_Language_Teaching_and_Testing/links/0c960516b1dadad753000000/Theoretical-Bases-of-Communicative-Approaches-to-Second-Language-Teaching-and-Testing.pdf (Retrieved October 30, 2025).

https://www.academia.edu/28794667/Fundamental_Considerations_in_Language_Testing (Retrieved October 28, 2025).

<https://www.studocu.com/ph/document/pangasinanstateuniversity/edukasyon-sa-pagpapakatao-10/ulatpapel-kritikalnapagiisip/118895525> (Retrieved October 30, 2025).

<https://www.scribd.com/document/706317819/Group-5-Kritikal-na-Pag-iisip> (Retrieved October 30, 2025).

Lang, P. (2018). Intercultural communicative competence and pragmatic comprehension of high school EFL learners [Doctoral dissertation, Josip Juraj Strossmayer University of Osijek, Faculty of Humanities and Social Sciences, Department of English Language and Literature]. <https://repozitorij.unios.hr/islandora/object/ffos:4195/datastream/PDF/download>

Lansangan, A., et al. (2020). Kakayahang pangkomunikatibo o communicative competence. <https://www.studocu.com/ph/document/delasalleuniversity/thefilipinoandasean/komunikasyo-natpananaliksik-11-q2-mod4-kakayahangpangkomunikatibo/13734788>

Lin, Z. (2023). Social media technologies: An important factor of the loss of critical thinking ability. *Lecture Notes in Education Psychology and Public Media*, 2. <https://doi.org/10.54254/2753-7048/2.2022491>

Lumando, R. C., & Baguio, J. B. (2025). Kasanayang pananaliksik at kakayahang komunikatibo sa kritikal na pag-iisip ng mga mamahayag pangkampus. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research*, 11(6). <https://doi.org/10.36713/epra2013>

Mabini, M. O. (2024). Antas ng kasanayan sa pagsulat ng pananaliksik sa Filipino ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang [Original article]. Volume 02, Issue 04, Article 21.

Mangandi, A. (2024). Kritikal na pag-iisip.

Mataniari, R., Willison, J., Hasibuan, M. E., Sulistiyo, U., & Dewi, F. (2020). Portraying students' critical thinking skills through research skill development (RSD) framework: A case of a biology course in an Indonesian university. *Journal of Turkish Science Education*, 17(2), 302–314.

Widana, I. W., Parwata, I., Parmithi, N. N., Jayantika, I. G. A. T., Sukendra, I. K., & Sumandya, I. W. (2018). Higher order thinking skills assessment towards critical thinking on mathematics lesson. *International Journal of Social Sciences and Humanities*, 2(1), 24–32.

Mencher, M. (2010). News reporting and writing. McGraw-Hill Education. <https://www.amazon.com/MelvinMenchersNewsReportingWriting/dp/0073511994>

Molero, D., Zlatkin-Troitschanskaia, O., Nagel, M. T., Brückner, S., Schmidt, S., & Shavelson, R. J. (2020). Assessing university students' critical online reasoning ability: A conceptual and assessment framework with preliminary evidence. *Frontiers in Education*, 5, Article 577843. <https://www.frontiersin.org/articles/10.3389/feduc.2020.577843/pdf>

Morales, R. O., & Limpot, M. (2023). A structural relationship model of communicative competence. *Asian Journal of Education and Social Studies*, 47(1), 26–42.

Nepomuceno, I. M., & Mangindra, A. M. (2025). Student's writing skills in journalistic texts as basis for developing e-journalism instructional material. *International Journal of Arts, Sciences and Education*, 6(1), 140–150.

Olivar, A. (2019). Kakayahang pangkomunikatibo. Ayon kay Hymes, 1972.

Paul, R., & Elder, L. (2014). *The miniature guide to critical thinking concepts and tools* (7th ed.). Foundation for Critical Thinking.

Panuayan, J. M., & Baguio, J. B. (2025). News media literacy and fact checking competence of student journalists in public secondary schools. *Journal of Education, Society and Behavioural Science*, 38(4), 296–309.

Pesante, J. (2024). *Mamamahayag pangkampus: Papel at tungkulin sa edukasyon*.

Pregoner, J. D. (2025). Macro skills and communicative competence of senior high school students. *IMCC Journal of Science*. myjournal.imcc.edu.ph

Qobilovna, A. M. (2023). Communicative competence as a factor of teacher's professional competency. *American Journal of Social Sciences and Humanity Research*, 3(09), 32–44. <https://inlibrary.uz/index.php/ajsshr/article/download/38415/38960>

Raosoft Online Calculator.

Raposas, A. G., & Cabarteja, D. M. (2024). Kasanayan ng mga mag-aaral sa Senior High School sa pananaliksik: Batayan sa paglinang ng gawaing pangguro. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies*, 4(5).

Romero, K. V. (2016). *Paglulugar ng kahalagahan ng pananaliksik sa Baitang 10 sa Filipino*. <https://core.ac.uk/download/pdf/235949796.pdf>

Sullivan, A. (2018). “At the heart”: Decision making in educational leadership and management. <http://www.decision-making-in-education.pdf>

Suskie, L. (2018). *Assessing student learning: A common sense guide*. John Wiley & Sons. https://www.utep.edu/studentaffairs/_files/docs/assessment/assessing-student-learning-suskie2.pdf

Tanujaya, B., Mumu, J., & Margono, G. (2017). The relationship between higher order thinking skills and academic performance of student in mathematics instruction. *International Education Studies*, 10(11), 78–85. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1159551.pdf>

Tracy, S. J. (2024). *Qualitative research methods: Collecting evidence, crafting analysis, communicating impact*. John Wiley & Sons. <http://edl.emi.gov.et/jspui/bitstream/123456789/337/1/Qualitative%20Research%20Methods%20%28%20PDFDrive%20%29%20%281%29.pdf>

Terogo, I. J. R., Elimino, C. A., Tallo, J. P. M., Sacal, J. A., & Balahadia, C. M. J. E. (2024). Linguistic and sociolinguistic competence of senior high school students. *Recoletos Multidisciplinary Research Journal*.

Van der Brugge, E. (2018). *The use of argument mapping in improving critical thinking* [Unpublished doctoral dissertation]. University of Melbourne. <http://hdl.handle.net/11343/214519>. <https://minervaaccess.unimelb.edu.au/bitstream/handle/11343/214519/Eva%20vd%20Brugge%20PhD%20Thesis%20Final.pdf>

Vange, A. (2017). Pamamahayag at komunikasyon sa modernong panahon. Rex Bookstore.

Villaroman, T. A. (2024). Digital and media literacy in modern education: A pathway to critical thinking and student engagement. *Excellencia: International Multi-disciplinary Journal of Education*, 2(12).

Zafra, G. S. (2016). Ang pagtuturo ng wika at kulturang Filipino sa disipinang Filipino (Konteksto ng K-12). *Katipunan*, 0(1). <https://doi.org/10.13185/KA2016.00102>